

GABAY NG GURO SA BAITANG 7

IKALAWANG MARKAHAN

Buod ng Linggo 11 at 12

Linggo	11 at 12	Lunsarang Teksto 1	“Nemo ang Batang”Papel ni Rene O. Villanueva
Tema	Nagkakaiba, Nagkakaisa	Lunsarang Teksto 2	“Mabangis na Lungsod” ni Efren Abueg
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN2A	PN2Aa, PN2Ab, PN2Ad, PN2Ae, PN2Af	
Pagsasalita (PA)	PA2A, PA2B	PA2Aa, PA2Ba, PA2Bb, PA2Be	
Pagsulat (PU)	PU2A	PU2Aa, PU2Ab, PU2Ac, PU2Ad, PU2Ae	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB2A, PB2B	PB2Aa, PB2Ac, PB2Ba, PB2Bb	
Tatas	TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 11

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagpapalawak ng tala-salitaan (10 minuto) Pagbabahagi sa klase ng mga hiling o pangarap sa buhay (10 minuto)	Pangunguna sa pagbasa ng ilang piling mag-aaral (10 minuto)	Pagguhit ng maha-halagang eksena sa kuwento (30 minuto)			
Araw 2				Pangkatang gawaing tumatalakay sa isyu ng kahirapan (pag-babalita, talk show, dula-dulaan) (50 minuto)	Pagbibigay ng isang (1) salitang nagsasaad ng epektong pandamdamin ng akda (5 minuto)	Pag-iiskor sa dalawang pangkatang gawain (5 minuto)

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 3				Pagtalakay tungkol sa tekstong nagsasalaysay (60 minuto)		
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- a. Larawan ng bulalakaw
- b. Kopya ng kuwentong “Si Nemo, Ang Batang Papel” ni Rene O. Villanueva

Ikatlong Araw

- a. Manila paper/kartolina, pentel pen
- b. Kopya ng kuwento

II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Panimulang Pagtaya (15 minuto)

Talasalitaan. Idikta sa mga mag-aaral ang mga sumusunod. Ipatukoy ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit ayon sa pagkakagamit nito sa pangungusap. Ipasulat ang titik ng tamang sagot sa kanilang papel.

1. Muntik na siyang mahagip ng humahagibis na sasakyan.

- a. humahangin
- b. umaalis
- c. nagmamadali
- d. umuugong

2. Inangilan sila ng masungit na matanda dahil sa kanilang maingay na paglalaro.

Ang angil ay nangangahulugan ng:

- a. inis
- b. galit
- c. sigaw
- d. ungol

3. Nagpatawing-tawing ang mga papel sa hangin.

- a. nagpaagos-agos
- b. nagpalangoy-langoy
- c. nagpatangay-tangay
- d. nagpatalon-talon

4. Binulyawan/sininghalan siya ng galit na galit niyang magulang dahil sa kaniyang pagiging pasaway.

- a. sinigawan
- b. pinalo
- c. pinangaralan
- d. sinermunan

5. Puno ng layak ang paligid kaya nagtakip siya ng ilong nang makalanghap ng masamang amoy.

- a. basura
- b. kanin-baboy
- c. alikabok
- d. dumi ng tao/hayop

Sagutan ang talasalitaan kasama ang buong klase.

b. Pagganyak (15 minuto)

Ipaskil sa pisara ang larawan ng bulalakaw. Pagkatapos ay itanong sa mga mag-aaral: Ano ang nakikita ninyo sa larawan? Ano-ano ang mga karaniwang paniniwala/pamahiin tungkol sa bulalakaw?

Itanong din sa mga mag-aaral: kung makakita kayo ng bulalakaw, ano ang hihilingin ninyo? Humingi ng paliwanag sa kanilang magiging sagot.

Pagkatapos talakayin ang mga sagot ng mga mag-aaral, magbahagi rin ng sariling paniniwala tungkol sa mga bulalakaw. Magbahagi rin ng isang hiling at ipaliwanag.

Pagkaraan ay iugnay ang natalakay sa kuwentong babasahin. Maaaring magdikit ng Manila paper na naglalaman ng mga sumusunod na tanong: (Gamitin ang likod ng papel na ginamit sa talasalitaan. Linawin na maaari ring iguhit ang kanilang mga sagot, siguruhin lang na lalagyan ito ng mga tamang pananda).

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento ni Rene Villanueva? Ano ang kaniyang hitsura ayon sa pagkakaintindi sa unang talata? Ano ang hitsura niya pagtapos ng ika-11 talata?
2. Ano ang hiniling ng pangunahing tauhan sa bituin sa langit?
3. Anong klaseng buhay ang naranasan ng pangunahing tauhan nang matupad na ang kaniyang hiling?
4. Sa katapusan ng kuwento, ano ang hiniling ng pangunahing tauhan at kaniyang mga kaibigan sa bituin?

Subukang engganyuhin ang mga mag-aaral na magtala ng kanilang mga sagot. Linawin rin sa kanila na maaaring magtala ng ilang detalyeng sa tingin nila ay mahalaga.

c. Presentasyon (15 minuto)

Bigyan ng kopya ng akda ang bawat mag-aaral. Pumili ng ilang mag-aaral na magbabasa sa kuwento nang malakas at madamdamin (mainam kung nasabihan na ang mga mag-aaral na ito bago pa ang araw ng aralin upang makapag-ensayo sila). Habang nagbabasa ang mga piling mag-aaral, ang natitirang bahagi ng klase ay magbabasa nang tahimik.

Nemo, ang Batang Papel

ni Rene O. Villanueva

Si Nemo ay isang batang yari sa ginupit na diyaryo. Pinunit-punit, ginupit-gupit saka pinagdikit-dikit, si Nemo ay ginawa ng mga bata para sa isang proyekto nila sa klase. Ngayo'y bakasyon na. Si Nemo'y naiwang kasama ng ibang papel sa silid. Nakatambak siya sa bunton ng mga maalikabok na polder at enbelop.

Isang araw, isang mapaglarong hangin ang nanunuksong umihip sa silid. Inilipad niya sa labas si Nemo. Nagpalutang-lutang sa hangin si Nemo. Naroong tumaas siya; naroong bumaba. Muntik na siyang sumabit sa mga sanga ng aratiles. Nang mapadpad siya sa tabi ng daan, muntik na siyang mahagip ng humahagibis na sasakyan. Inangilan siya ng dyip. Binulyawan ng kotse. At sininghalan ng bus.

Mabuti na lamang at napakagaan ni Nemo. Nagpatawing-tawing siya sa hangin bago tuluyang lumapag sa gitna ng panot na damo sa palaruan. Nakahinga nang maluwig si Nemo. Ngunit nagulantang siya sa dami ng nagtatakbuhanag paa na muntik nang makayapak sa kaniya. Naghahabulan ang mga bata at kay sasaya nila! Araw-araw, tuwing hapon, pinanonood ni Nemo ang mga naglalarong bata. Inggit na inggit siya sa kanila. Tuwing makikita niya ang mga bata sa palaruan, gustong-gusto rin niyang maging isang tunay na bata.

"Gusto kong tumawa tulad ng totoong bata! Gusto kong tumakbo tulad ng totoong bata! Gusto kong maghagis ng bola tulad ng totoong bata!"

Sabi nila, kapag may hiniling ka raw na gusto mong matupad, kailangang sabihin mo ito sa pinakamalayong bituin sa langit. Kaya isang gabi, matiyagang nagbantay sa langit si Nemo. Hinintay niya ang paglabas ng pinakamalayong bituin. At nang makita niya ito, sinabi niya ang kaniyang hiling.

"Bituin, bituin, tuparin ngayon din. Ako'y gawing isang batang masayahin!"

Pumikit nang mariin na mariin si Nemo. Naramdaman niyang parang umiikot ang paligid at nagkakagulo ang mga busina ng sasakyan.

Totoong bata na si Nemo! Pagdilat niya'y kasama na niya ang kaniyang totoong Tatay na walang trabaho, at totoong Nanay na payat na payat, at walong totoong kapatid na ang ingay-ingay sa isang masikip, makipot, at tagpi-tagpi pero totoong bahay.

"Wag kayong tatamad-tamad," sigaw ng kaniyang totoong tatay. "Magtrabaho kayo!" Kaya napilitang tumakbo si Nemo palabas ng bahay.

Palakad-lakad si Nemo sa kalye. Hindi niya pansin ang mga humahagibis na bus. Hindi niya pansin ang mga humahagibis na dyip. Isip siya nang isip kung paano makakatulong sa kaniyang totoong pamilya.

Kahit bata pa, napilitang maghanapbuhay si Nemo. Sa umaga'y nagtinda siya ng sampagita at humahabol-habol sa mga kotse.

Pagod na pagod si Nemo araw-araw. Pakiramdam niya, pabilis nang pabilis ang kaniyang pagtanda. Kaya naisipan niyang pumasok sa eskuwela. Sumilip siyang muli sa paaralang pinanggalingan niya.

Pero dahil marumi ang kaniyang suot at wala siyang sapatos, inirapan lang si Nemo ng libro.
“Hindi ka bagay dito!” sabi ng libro.
“Ang baho-baho mo!” Nagalit din sa kaniya ang mesa.
“Ang dumi-dumi mo!” sinigawan din siya ng pisara.
“Alis diyan!”

Kaya napilitang tumakbo si Nemo. Nagtatakbo siya nang nagtatakbo hanggang sa gilid ng dagat. Sinabi ni Nemo ang problema niya sa dagat pero naghikab lang ito. At kahit ang alon na puno ng layak ay nagtakip ng ilong nang maamoy siya.

“Wag mo nang dagdagan ang basura dito!” sigaw nito kay Nemo.

Malungkot na naglakad-lakad si Nemo. At sa maraming kalye ng marusing na lungsod, sa bawat sulok ay may nakita siyang mga batang-kalye. May nagbebenta ng sampagita. May nagtitinda ng sigarilyo at diyaryo habang maliksing sumasabit-sabit sa mga sasakyan. May mga kalbo, galisin, at palaboy na yakap-yakap ang supot na plastik na kapag sinisinghot nila ay parang nagguguhit sa kanilang mukha ng mangmang na ngiti. May mga batang butuhan ang binti at malamlam ang mata na akay-akay ng matatatandang puti na parang kislap ng balisong ang kislap ng mata.

“Kay dami-dami palang batang kalye,” naisip ni Nemo.

Kung gabi, kung halos hindi umihip ang mapanuksong hangin, ang mga batang kalye ay nagtitipon-tipon sa parke na may monumento ng bayaning may kipkip na libro. Tumatakbo sila. Naglulundagan. Nagbibiruan. Naghahagikgikan. Pero napansin ni Nemo na walang taginting ang kanilang halakhak. Parang pumanaw na ang kislap sa sulok ng kanilang mata. Sumama si Nemo sa iba pang batang lansangan. Nagtipon-tipon sila sa isang bahagi ng parke. At sa dilim ng gabi, nagsimula silang maglaro at magkantahan. Nalaman ni Nemo na marami palang batang tulad niya. Mga batang lansangan, mga batang kailangang maghanapbuhay dahil sa kahirapan.

Tinipon ni Nemo ang iba pang batang lansangan. Nang magkuwentuhan sila, nalaman nilang pare-pareho pala ang kanilang gusto: mapagmahal na magulang, maayos na tahanan, masayang paaralan, at sapat na pagkain.

Ipinagtapat ni Nemo ang lihim na kaniyang natuklasan. Matutupad ang anumang pangarap kapag hiniling sa pinakamalayong bituin. Sabay-sabay silang tumingala sa pinakamalayong bituin sa langit at hiniling nila ang lahat ng ito.

“Bituin, bituin, tuparin ngayon din. Lahat kami’y gawing batang masayahin.”

Sa isang iglap, lahat sila ay naging batang papel. Inilipad sila ng hangin. Kay gaan-gaan ng kanilang pakiramdam. Kay saya-saya nila dahil malayo na sila sa magulong pamilya, malupit na eskuwela, at maingay na kalsada.

Nagtaka ang mga taong nakakita sa palutang-lutang na mga batang papel. Marami ang naawa sa kanila. Pero ang hindi nila alam, mas maligaya na ngayon ang mga batang papel, gaya ni Nemo, kaysa mga totoong bata na kailangang makibaka at mabuhay sa malupit na kalsada.

Mula sa: Ang Gintong Habihan: Mga Kuwentong Premyado ng Palanca. (1998). Maynila: Tahanan Books for Young Readers.

d. Pagpapayaman (15 minuto)

Ipatalakay sa mga mag-aaral ang kanilang mga naitala at naiguhit. Mahalagang magtanong ang guro ng mga bagay na makapagbibigay linaw sa kanilang mga nabuong ideya at naguhit.

Ikalawang Araw

a. Pagpapalawig (30 minuto)

Balikan ang talata 24. Sabihin sa mga mag-aaral na may iba't ibang mukha ang kahirapan. Hatiin ang klase sa lima. Pagsama-samahin ang magkakapangkat. Pagawin ang bawat pangkat ng tableaux ("frozen pictures" sa pamamagitan ng kanilang mga katawan – pagpo-pose) na nagpapakita ng iba't ibang mukha ng kahirapan sa Filipinas. Bigyan sila ng 10 minuto para makapag-usap-usap at makapaghanda.

Kapag handa na ang bawat grupo, pagtanghalin sila. Tawagin isa-isa ang mga grupo upang mag-pose sa harap ng klase. Pahulaan sa natitirang bahagi ng klase ang mga ipinakikita ng nagtatanghal na grupo. Ipaliwanag sa bawat pangkat na nagpresenta ang mga konsepto na nais nilang tunguhin.

b. Sintesis (10 minuto)

Pag-isipin ang mga mag-aaral ng isang salitang nagsasaad ng kanilang mga damdamin matapos ang mga nagawang talakayan. Magtawag ng mga estudyanteng nais magbahagi ng bisang pandamdaming bisa ng akda sa kanila.

c. Pangwakas na Pagtataya (20 minuto)

Ipaguhit sa maikling bond paper ang pinakanagustuhan nilang eksena/tagpo sa kuwentong binasa. Lagyan ito ng mga kulay at disenyo. Ipapasa ang kanilang mga drowing sa susunod na pagkikita. Ipaliwanag na gagamitin ito sa kanilang mga character profile para sa nabasang kuwento.

Ikatlong Araw

a. Sintesis (20 minuto)

Itanong sa mga mag-aaral kung ano ang pumapasok sa isip nila tungkol sa salitang naratibo/nagsasalaysay/nagkukuwento. Gumuhit sa pisara ng concept map at ipasulat dito ang mga ideya ng mga mag-aaral. Subukang katasin ang ideya ng pagpapaintindi sa mga bata.

Tanungin ang mga bata kung ano sa tingin nila ang orihinal na anyo ng pagkakasulat ng kuwento. Pansinin ang mga ginamit na salita. Pansinin ang paraan ng pagpapakilala sa paksa. Tanungin ang mga sumusunod na tanong:

1. May kagaanan ba ang paksa?
2. Naging mas magaan ba ang pagkakaintindi natin dito dahil sa kuwento? Bakit?
3. Paano naitatawid ng kuwento ang kagaanang ito?
4. Anong uri ng panitikan kaya ito? Para kanino ang naisulat na kuwento?

Talakayin rin ang pagkakaputol sa kuwento. Linawin na para sa mga kuwentong pambata, kailangang magaan lamang ang istruktura ng isinusulat. Hindi ito kailangang buuin ng bloke-blokeng teksto.

b. Pangwakas na Pagtataya (40 minuto)

Bumuo ng mga grupong may tig-limang miyembro. Balikan ang wakas ng nabasang kuwento. Ano ang naging epekto nito sa buong kuwento? May ibang paraan pa kaya ng wakas na maaaring makapagtawid ng ganitong epekto sa buong akda? Gamit ang kalahating piraso ng intermediate paper, sumulat ng sariling wakas. Tandaan na bata ang inaasahang mambabasa ng kuwento.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

LINGGO 12

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Talasalitaan Pagpapakilala	Buod ng "Mabangis na Lungsod"	Talakayan at pangkatang gawain			
Araw 2				Pagsulat ng talata	Pagsulat ng mga mabisang paraan ng pagpapalutang ng paksa at karakterisasyon	Pagpapakopya ng mga tanong na sasagutin sa bahay
Araw 3				Pagbuo ng concept web at pagsulat ng kuwento	*Proyekto	
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

a. Kopya ng akdang "Mabangis na Lungsod" ni Efren R. Abueg

Ikalawang Araw

a. Manila paper, pentel pen

Ikatlong Araw

a. Papel at panulat

II. Pamamaraan

Unang Araw

a. Panimulang Pagtaya (10 minuto)

Talasalitaan. Ipaskil ang mga sumusunod na pangungusap. Ipatukoy sa klase ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit batay sa kontekstong ipinahihiwatig sa bawat pangungusap.

1. Hindi niya nais na gumawa ng isang marahas na desisyon.
2. Kinasusuklaman niya ang kasamaan ng ugali ni Bruno.

3. May malapad na katawan, namumutok na bisig at maliit na ulong pinapangit ng suot nitong gora.
4. Mariing hinawakan ni Adong ang mga bagol sa kaniyang bulsa.
5. Dumantay sa kaniyang mukha ang malamig na simoy na hangin.

Pagkatapos talakayin ang talasalitaan, pakuhain ang mga bata ng sangkapat na piraso ng intermediate na papel. Ipasulat dito ang pangalan na nais nilang gamitin para sa buong linggo para sa klase. Ipasuot ang mga papel na ito bilang nametag.

b. Pagganyak (5 minuto)

Bigyan ang mga bata ng oras upang maipakilala ang sarili sa ilang kaklase. Pagkatapos nito, tanungin sila ng mga sumusunod na tanong:

1. Bakit mo napili ang pangalan na iyan? Ano ang kahulugan nito para sa iyo?
2. Paano ako nabibigyang kahulugan ng pangalan ko?
3. Mas nailalarawan ba nito ang sitwasyon ko ngayon?
4. Ikumpara ang mga sumusunod na pares ng salita. Ano ang mas may talab para sa iyo?
mainit – maalinsangan
tumatawa – humahalakhak
kumalat – lumatag

Ipakilala lamang ang halaga ng pagpili ng mga salita. Subukang talakayin ang halaga ng pag-aangkop at pagiging mapaglarawan sa pananalita.

c. Presentasyon (10 minuto)

Pabalikan sa klase ang mga pangyayari sa Panimulang Pagtaya. Sa tulong ng mga pangyayaring ito, ipabuod sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng dugtungang pagkukuwento ang mga pangyayari sa binasang akda.

Mabangis na Lungsod

ni Efren Abueg

Ang gabi ay mabilis na lumatag sa mga gusali, lumagom sa malalaki't maliliit na lansangan, dumantay sa mukha ng mga taong pagal, sa mga taong araw-araw ay may bagong lunas na walang bisa. Ngunit ang gabi ay waring manipis na sutla lamang ng dilim na walang lawak mula sa lupa hanggang sa mga unang palapag ng mga gusali. Ang gabi sa kalupaan ay ukol lamang sa dilim sa kalangitan sapagkat ang gabi sa kalupaan ay hinahamig lamang ng mabangis na liwanag ng mga ilaw-dagitab.

Ang gabi ay hindi napapansin ng lalabindalawahing taong gulang na si Adong. Ang gabi ay tulad lamang ng pagiging Quiapo ng pook na iyon. Kay Adong, ang gabi'y naroroon, hindi dahil sa may layunin sa pagiging naro-roon, kundi dahil sa naroroon katulad ng Quiapo. Sa walang muwang na isipan ni Adong, walang kabuluhan sa kaniya kung naroon man o wala ang gabi- at ang Quiapo.

Ngunit isang bagay ang may kabuluhan kay Adong sa Quiapo. Alisin na ang nagtatayugang gusali roon, alisin na ang bagong lagusan sa ilalim ng lupa, alisin na ang mga tindahang hanggang sa mga huling oras ng gabi'y mailaw at mabawasan ang mga taong pumapasok at lumalabas doon, dahil sa isang bagay na hinahanap sa isang marikit na altar. Sapagkat ang simbahan ay buhay ni Adong.

Kung ilang hanay ang mga pulbing naroroon at mga nagtitinda ng tiket ng suwipistek, ng kandila, ng kung ano-anong ugat ng punongkahoy at halaman. At sa mga hanay na iyon ay nakatunghay ang simbahan, naaawa, nahahabag. At nakatingala naman ang mga hanay

na iyon, kabilang si Adong. Hindi sa simbahan kundi sa mga taong may puso pa upang dumukot sa bulsa at maglapag ng konting barya sa maruruming palad.

Mapapaiyak na si Adong. Ang tingin niya tuloy sa mga ilaw-dagitab ay parang mga piraso ng apoy na ikinakalat sa kalawakan. Kangina pa siyang tanghali sa loob ng marusing na bakuran ng simbahan, nagsawa na ang kaniyang mga bisig sa wala pang tunog ng katuwaan. Bagkus ang naroon ay bahaw na tunog ng babala. Babalang ipinararamdam ng pangangalam ng kaniyang sikmura at sinasapian pa ng takot na waring higad na guma-gapang sa kaniyang katawan.

“Mama... Ale, palimos na po.”

Ang maraming mukhang nagdaraan ay malalamig na parang bato, ang imbay ng mga kamay at hiwatig ng pagwawalang-bahala, ang hakbang ay napapahalata ng pagmamadali ng pag-iwas.

“Palimos na po, ale... hindi pa po ako nanananghali!”

Kung may pumapansin man sa panawagan ni Adong, ang nakikita niya ay irap, pandidiri, pagkasuklam. “Pinaghahanapbuhay ‘yan ng mga magulang para maisugal,” madalas naririnig ni Adong. Nasasaktan siya, sapagkat ang bahagi ng pangungusap na iyon ay untag sa kaniya ni Aling Ebeng, ang matandang pilay na kaniyang katabi sa dakong liwasan ng simbahan.

At halos araw-araw, lagi siyang napapaiyak, hindi lamang niya ipinahahalata kay Aling Ebeng, ni kanino man sa naroroong nagpapalimos. Alam niyang hindi maiiwasan ang paghindi sa kaniya ng limang piso, sa lahat. Walang bawas.

“May reklamo?” ang nakasisindak na tinig ni Bruno. Ang mga mata nito’y nanliliskapag nagpatumpik-tumpik siya sa pagbibigay. At ang mga kamay ni Adong ay manginginig pa habang inilalagay niya sa masakim na palad ni Bruno ang salapi, mga baryang matagal ding kumalansing sa kaniyang bulsa, ngunit kailan man ay hindi nakarating sa kaniyang bituka.

“Maawa na po kayo, Mama.. Ale.. gutom na gutom na ako!”

Ang mga daing ay walang halaga, waring mga patak ng ulan sa malalaking bitak ng lupa. Ang mga tao’y naghihikahos na rin. Ang panahon ay patuloy na ibinuburol ng karukhaan.

Ang kampana ay tumutugtog at sa loob ng simbahan, pagkaraan ng maikling sandali, narinig ni Adong ang pagkilos ng mga taong papalabas, waring nagmamadali na tila ba sa wala pang isang oras na pagkakatigil sa simbahan ay napapaso, nakararamdam ng hapdi, hindi sa katawan, kundi sa kaluluwa. Natuwa si Adong. Pinagbuti niya ang paglalahad ng kaniyang palad at pagtawag sa mga taong papalapit sa kaniyang kinaroroonan.

“Malapit nang dumating si Bruno...” ani Aling Ebeng na walang sino mang pinatutungkulan. Manapa’y para sa lahat na maaaring makarinig.

Biglang-bigla, napawi ang katuwaan ni Adong. Nilagom ng kaniyang bituka ang nararamdamang gutom. Ang pangambang sumisigid na kilabot sa kaniyang mga laman at nagpantindig sa kaniyang mga balahibo ay waring dinaklot at itinaon sa malayo ng isang mahiwagang kamay. Habang nagdaraan sa kaniyang harap ang mga taong malamig, walang awa, walang pakiramdam-nakadarama siya ng kung anong bagay na apoy sa kaniyang kalooban. Aywan niya kung bakit gayon ang nararamdaman niya matapos mapawi ang kaniyang gutom at pangamba. Kung ilang araw na niyang nadarama iyon, at hanggang sa ngayon ay naroroon pa’t waring umuuntag sa kaniya na gumawa ng isang marahas na bagay.

Ilang singkong barya ang nalaglag sa kaniyang palad, hindi inilagay kundi inilaglag, sapagkat ang mga palad na nagbibigay ay nandidiring mapadikit sa marurusing na palad na wari bang mga kamay lamang na maninipis ang malinis. Dali-daling inilagay ni Adong ang mga barya sa kaniyang lukbutan. Ilan pang barya ang nalaglag sa kaniyang palad. At sa kaabalaan niya’y hindi na napansing kakaunti na ang mga taong lumalabas mula sa simbahan. Nakita na naman ni Adong ang mga mukhang malamig, ang imbay ng mga kamay na nagpapahiwatig ng

pagwawalang bahala, ang mga hakbang ng pagmamadaling pag-iwas.

“Adong... ayun na si Bruno” narinig niyang wika ni Aling Ebeng.

Tinanaw ni Adong ang ininguso sa kaniya ni Aling Ebeng. Si Bruno nga. Ang malapad na katawan, ang namumutok na mga bisig. Ang maliit na ulong pinapangit ng suot na gora. Napadukot si Adong sa kaniyang bulsa. Dinama niya ang mga barya roon. Malamig. At ang lamig na iyon ay waring dugong biglang umagos sa kaniyang mga ugat. Ngunit ang lamig na iyon ay hindi nakasapat upang ang apoy na nararamdaman niya kangina pa ay mamatay. Mahigpit niyang kinulong sa kaniyang palad ang mga baryang napagpalimusan.

“Diyana na kayo, Aling Ebeng... sabihin ninyo kay Bruno na wala ako!” mabilis niyang sinabi sa matanda.

“Ano? Naloloko ka na ba, Adong? Sasaktan ka ni Bruno. Nakita ka ni Bruno!”

Narinig man ni Adong ang sinabi ng matanda, nagpatuloy pa rin sa paglalakad, sa simula’y marahan, ngunit nang makubli siya sa kabila ng bakod ng simbahan ay pumulas siya ng takbo. Lumusot siya sa pagitan ng mga dyipni na mabagal sa pagtakbo. Sumiksik siya sa kakapalan ng mga taong salu-salubong sa paglalakad. At akala niya’y nawala na siya sa loob ng sinuot niyang mumunting iskinita.

Sumandal siya sa poste ng ilaw-dagitab. Dinama niya ang tigas niyon sa pamamagitan ng kaniyang likod. At sa murang isipang iyon ni Adong ay tumindig ang tagumpay ng isang musmos na paghihimagsik ng paglayo kay Bruno, ng paglayo sa Quiapo, ng paglayo sa gutom, sa malamig na mukha, sa makatunghay na simbahan, sa kabangisang sa mula’t mula pa’y nakilala niya at kinasusuklaman. Muling dinama niya ang mga barya sa kaniyang bulsa. At iyon ay matagal din niyang ipinakalansing.

“Adong!” Sinundan iyon ng papalapit na mga yabag.

Napahindik si Adong. Ang basag na tinig ay naghatid sa kaniya ng lagim. Ibig niyang tumakbo. Ibig niyang ipagpatuloy ang kaniyang paglayo. Ngunit ang mga kamay ni Bruno ay parang bakal na nakahawak na sa kaniyang bisig, niluluray ang munting lakas na nagkakaroon ng kapangyarihang maghimagsik laban sa gutom, sa pangamba at kabangisan.

“Bitiwan mo ako! Bitiwan mo ako!” Naisigaw na lamang ni Adong.

Ngunit hindi na niya muling narinig ang basag na tinig. Naramdaman na lamang niya ang malupit na palad ni Bruno. Natulig siya. Nahilo. At pagkaraan ng ilang sandali, hindi na niya naramdaman ang kabangisan sa kapayapaang biglang kumandong sa kaniya.

d. Pagpapayaman (35 minuto)

1. Ipatalakay sa mga mag-aaral ang kanilang sagot sa sumusunod na tanong:

- Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento? Paano sila inilarawan sa kuwento?
- Ano ang kaniyang kalagayan sa buhay? Bakit mo ito nasabi?
- Sa iyong palagay, bakit inilarawan ang lungsod bilang isang mabangis na lugar? Paano mo ito nakita sa kuwentong binasa?
- Ano-ano ang naging epekto sa buhay ni Adong nina Bruno, Aling Ebeng, at ng Maynila? Paano nakaapekto ang mga ito sa kaniyang buhay? Talakayin.
- Ano-anong bagay ang nais takasan ni Adong sa kaniyang buhay? Bakit?
- Kung ikaw si Adong, gagawin mo rin ba ang kaniyang ginawang pagtakas kay Bruno? Ipaliwanag ang sagot.
-

2. Hatiin ang klase sa lima. Pagsama-samahin ang magkakapangkat. Ipagawa ang sumusunod na gawain sa bawat pangkat at pagkatapos ay iulat.

Pangkat 1 – Gawan ng plot profile ang damdamin ng tauhan mula sa simula hanggang katapusan ng kuwento.

Pangkat 2 – Magsaliksik kaugnay ng mga karapatan ng kabataan. Pagkatapos ay ibahagi

ito sa klase.

Pangkat 3 – Isa-isahin ang mga karapatan ng kabataan na nilabag sa kuwentong binasa. Maghain ng mga solusyon o mungkahi kung paanong mabisang maipatutupad ang mga nabanggit na karapatan.

Pangkat 4 – Kaninong mga personalidad o grupo ng mga tao maaaring ihalintulad ang mga tauhan sa binasang kuwento? Ipaliwanag.

Pangkat 5 – Kasama ng iyong pangkat, lumikha ng poster story map tungkol sa binasang akda. Ilagay ang sumusunod sa inyong gawain:

- Simula
- Papataas na aksyon
- Kasukdulan
- Pababang aksyon
- Wakas

Ikalawang Araw

a. Pagpapalawig (35 minuto)

1. Pagsulat: Ikumpara ang mga akda ni Abueg at Villanueva. Sa loob ng limang talatang may maayos na simula at wakas, subuking sagutin ang mga sumusunod na tanong.

- Ano ang litaw na paksa sa loob ng akda?
- Paano naiba ang pagtalakay ng mga akda sa paksang ito?
- Epektibo ba nilang naitatawid ang mensahe sa kabila ng pagkakaroon ng pagkakaiba sa pamamaraan? Patunayan ang inyong sagot.
- Anong uri ng talab meron ang dalawang akda sa paggamit nila ng bata bilang mga pangunahing tauhan? Talakayin nang mabuti.

Nilalaman – 5 puntos

Husay sa pagbabahagi – 5 puntos

Kabuuan – 10 puntos

Pagbahaginin ang klase kaugnay sa kanilang naisulat. Pumili lamang ng dalawang mag-aaral upang magbahagi. Siguruhing may oras ang mga bata na magtanong at magdebate tungkol sa mga nabuong ideya. Subuking magsimula ng debate sa klase tungkol sa mga ideyang nabuo ng mga nagpresenta.

b. Sintesis (20 minuto)

Pabalikan sa mga mag-aaral ang kanilang naging sagot sa tanong bilang 1-4. Ayon sa kanilang pagsusuri sa teksto, paglistahin ang mga mag-aaral ng mga inaakala nilang epektibong paraan ng pagpapalutang ng paksa at karakterisasyon ng tauhan sa isang akda. Ipasulat ang mga ideya sa kalahitang Manila paper. Ipaskil sa klase ang mga gawain. Mula sa mga nakapaskil na sagot, magsagawa ng talakayan ang klase upang makabuo ng mga pamantayan o gabay sa pagsulat.

c. Pangwakas na Pagtataya (5 minuto)

Ipasagot sa klase ang sumusunod na pagsasanay kaugnay ng binasang teksto. Isulat sa Manila paper ang mga tanong. Ipapasa ang mga sagot sa susunod na klase.

1. Ano ang hanapbuhay ni Adong?
2. Sino ang nagsisilbing amo ni Adong?
3. Bakit nagpasyang tumakbo at magtago si Adong nang malamang paparating na ang kaniyang amo?
4. Ano ang pananaw o tingin ni Adong sa Maynila?
5. Saan sa Maynila naghahanapbuhay si Adong?
6. Ano ang tingin ng mga tao kay Adong?

7. Bakit naaawa si Adong kay Aling Ebeng sa tuwing naiisip at sinasabi ng mga tao na pinaghahanapbuhay ng magulang ang kaniyang anak?
8. Ano ang ginawa ng kaniyang amo kay Adong nang mahuli ito?
9. Ano ang nangyari kay Adong sa wakas ng kuwento?
10. Bakit hindi gusto ni Adong ang kaniyang hanapbuhay?

Ikatlong Araw

a. Pagpapalawig (50 minuto)

Isulat ang salitang “kahirapan” sa pisara. Pabuuin ng isang concept web ang mga bata tungkol dito. Hatiin ang klase sa anim na pangkat. Anyayahan silang magsulat ng maikling kuwento o kuwentong pambata tungkol sa mga sumusunod na paksa.

1. Pagkikita ni Nemo at Andong.
2. Kuwento ni Andong bago maging isang palaboy
3. Kuwento ni Bruno noong siya ay bata pa.

Sa unang sampung minuto (10 minuto), hayaang magsagawa ng brainstorming ang pangkat tungkol sa sumusunod:

- a. Ano ang paksang kanilang pipiliin?
- b. Sino-sino ang kanilang mga magiging tauhan? Ano ang gagampanan ng mga ito?
- c. Paano sisimulan ang kuwento? Ano ang magaganap sa gitnang bahagi? Paano wawakasan?

Ang susunod na tatlumpung minuto (30 minuto) ay gugugulin ng pangkat sa pagsusulat ng kanilang kuwento. At ang sampung minuto (10 minuto) ay ilaan sa pagbabahaginan upang makapagbigay ng komento o suhestiyon ang iba pang pangkat. Matapos ang gawain, maaaring ipauwi sa pangkat ang kanilang naisulat at i-edit bago ipasa sa guro sa susunod na pagkikita. Para sa mga gagawa ng kuwentong pambata paalalahan sila sa naging talakayan noong nakaraang linggo sa mga dapat sundin sa pagbuo nito.

b. Proyekto (10 minuto)

Ipakilala ang proyekto na ipapasa sa dulo ng ikalawang markahan. Dapat ay makabuo at makapagtanghal ang buong klase ng isang dula na ang mga tauhan ay ang mga tauhang nakilala nila sa panitikang nabasa nila noong unang markahan, at panitikang babasahin nila ngayong ikalawang markahan.

Ang hamon sa klase ay isipin kung paano ang ugali at pananalita ng mga tauhan kung 12 o 13 taong gulang lang sila (kasing-edad ng klase) at nasadlak sa isang kontemporaryong sitwasyon. Dapat ay mga 15-20 minuto lamang ang dula. Itatanghal ito sa linggo 21.

Gamit ang Manila paper, bumuo ng isang talaan kung saan nakalagay ang pamagat ng panitikang nabasa na nila, ang mga tauhan sa bawat akda at ang mga katangian ng mga tauhang nabanggit. Isulat kasama ng klase ang pamagat ng mga akdang binasa nila noong unang markahan. Balikan ang mga tauhang nakasagupa na nila sa panitikan. Bubuuin ng mga mag-aaral ang talaan—at ang dula—tuwing may bakante silang oras. Giya nila ang talaan sa pagbuo ng kanilang dula.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

Buod ng Linggo 13 at 14

Linggo	13 at 14	Lunsarang Teksto 1	“Daragang Magayon” (halaw mula sa The Legends ni Damiana Eugenio)
Tema	Nagkakaiba, Nagka-kaisa	Lunsarang Teksto 2	“Kay Mariang Makiling” ni Edgar Samar
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN2A	PN2Ac, PN2Ad	
Pagsasalita (PA)	PA2A	PA2Ac, PA2Ad	
Pagsulat (PU)	PU2A	PU2Ab, PU2Ac	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB2A, PB2B	PB2Aa, PB2Ae, PB2Bb	
Tatas	TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 13

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pinoy henyo: mga tauhan ng kuwento (20 minuto) Ilarawan ang Bulkang Mayon (10 minuto)	Pagbasa ng “Daragang Magayon” (10 minuto)	Talakayan hinggil sa kuwento (20 minuto)			
Araw 2			Paggawa ng timeline ni Daragang Magayon (20 minuto)	Maigsing talakayan hinggil sa pagsasalaysay (10 minuto)	Pagsulat ng talambuhay ni Daragang Magayon sa iba-ibang punto-de-bista (30 minuto)	
Araw 3					Pagpapatuloy ng pagsulat	Pagsulat ng sariling talambuhay

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 3					at pagbabahagi ng ilang isinulat na talambuhay (20 minuto)	mula sa punto-debista ng isang gamit (40 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Kartolina/malaking papel na naglalaman ng mga ipapahula para sa Pinoy henyo
- Larawan ng Bulkang Mayon
- Kopya ng Alamant ni Daragang Magayon

Ikalawang Araw

- Mga materyales sa paggawa ng timeline: Manila paper/craft paper/cartolina, mga pangkulay, o iba-ibang papel

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya (20 minuto)

Pumili ng limang pares ng mag-aaral na maglalaro ng Pinoy henyo. Sa mga hindi pa pamilyar sa larong ito, naririto ang mga panuto:

- Magbubunutan ang mga pares upang malaman kung sino ang mauuna sa kanilang maglalaro.
- Ang pares na maglalaro ay uupo nang magkaharap. Pipili sila kung sino ang tagatanong at kung sino ang tagasagot.
- Bubunot ang pares na maglalaro ng isang piraso ng papel na mayroong numero na tutukoy sa kung ano ang pahuhulaan sa kanila. Ang guro lamang ang nakakaalam kung ano ang katumbas ng mga numerong ito.
- Ididikit sa noo ng tagatanong ang isang malaking piraso ng papel o cartolina na naglalaman ng alinman sa mga sumusunod:
 - Magayon
 - Ulap
 - Pagtuga
 - Datu Makusog
 - Dawani

5. Layunin ng tagatanong na mahulaan ang nilalaman ng cartolina na nakadikit sa kaniyang noo. Magagawa niya ito sa pamamagitan ng pagtatanong na masasagot lamang ng oo, hindi, o puwede. Trabaho ng kaniyang kapares na sagutin nang mahusay ang mga ibinabato niyang tanong.

6. Bigyan lamang ng isang minuto at tatlumpung segundo ang bawat pares. Ang pares na pinakamabilis na makakahula ang siyang mananalo.
7. Para sa laro lamang na ito, mayroong isang espesyal na panuto: bawal nilang sabihin ang kanilang hula hanggang sa siguradong-sigurado na sila. Kapag sinabi na nila ang kanilang hula at mali ito, titigil ang relo at ituturing silang hindi nanalo. Kaya kailangan ay magtanong muna sila nang magtanong ng mga katangian at iba pang bagay bago sila manghula. Gaga-win ito upang hindi nila isa-isahin lamang ang mga tauhan ng kuwento sa paghuhula.

b. Introduksiyon (10 minuto)

Pagkatapos ng laro, tanungin ang mga mag-aaral kung ano-ano o sino-sino ang mga pinahulaan. Ang mga sagot nila ang magsisilbi sa inyong gabay sa kung gaano nila kagagap ang kuwento bago pa man ang talakayan. Anupaman ang maging sagot ng klase, ipaalala na ang kuwentong tatalakayin ngayon ay isang alamat tungkol sa isang kahanga-hangang lugar sa Filipinas. Pagkatapos, ipakita ang larawan ng Bulkang Mayon.

Para gabayan ang talakayan, naririto ang ilang maaaring itanong o talakayin:

1. Magbigay ng isang salita para ilarawan ang Bulkang Mayon.
2. Bakit kaya ito naging isang landmark o icon ng Bikol at ng Filipinas?
3. Ano ang alam ninyo tungkol sa Bikol at sa bulkang ito? Ano ang pamumuhay ng mga tao sa Bikol? Paano sila naapektuhan ng bulkan?

Ilan sa mga maaaring gamiting impormasyon:

- Ang ibig sabihin ng Magayon ay maganda.
- Itinuturing ang bulkan bilang isang perpektong apa, dahil sa simetrikong hugis nito. Mabilalang lang ang bulkan o bundok na ganito sa mundo.
- Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa Bikol. Aktibo ang bulkan, kung kaya't malaki ang epekto nito sa kanilang pamumuhay. Kapag pumutok ang bulkan, hindi lamang ari-arian ang masisira kundi ang lupa na kanilang tinataniman.

Pagkatapos, ihanda ang klase para sa pakikinig sa kuwento ng Daragang Magayon.

c. Presentasyon (10 minuto)

Ikuwento sa klase ang 'Daragang Magayon.'

Ang Alamat ni Daragang Magayon

Katulad ng lahat ng alamat, nangyari ang kuwentong ito noong unang panahon. Naganap ito sa payapang rehiyon ng Ibalong, sa maliit na bayan ng Rawis, na pinamumunuan ng makatarungang datung si Makusog. Ang asawa ng datu na si Dawani ay namatay sa panganganak. Kaya't nanatiling iisa ang anak ni Datu Makusog—isang anak na babaeng walang kapares sa kagandahan at kabaitan, si Daragang Magayon. Hindi tuloy nakapagtataka kung bakit dumadayo ang napakaraming manliligaw mula sa ibang tribu, kabilang na ang nasa malalayong bayan, upang mabihag ang puso ng dalaga. Ngunit wala ni isa sa mga binatang ito ang nakakuha ng pagtingin ng magandang binibini. Wala, kahit ang makisig at mapagmataas na si Pagtuga, ang dakilang mangangaso at datu ng Iraga. Kahit pa pinaulanan ni Pagtuga ng mga handog na ginto, perlas, at iba pang kayamanan ang ama ni Magayon, ay hindi pa rin nito nakuha ang loob ng dalaga.

Ngunit wala ni isa sa mga binatang ito ang nakakuha ng pagtingin ng magandang binibini. Wala, kahit ang makisig at mapagmataas na si Pagtuga, ang dakilang mangangaso at datu ng Iraga. Kahit pa pinaulanan ni Pagtuga ng mga handog na ginto, perlas, at iba pang kayamanan ang ama ni Magayon, ay hindi pa rin nito nakuha ang loob ng dalaga.

Isang katangi-tanging binatilyo ang nagpakita si Rawis: si Ulap, ang tahimik ngunit matapang na anak ni Datu Karilaya ng Katagalugan. Naglakad siya nang malayo upang makita ng sarili niyang mga mata ang ipinagbuunyang kagandahan ni Daragang Magayon. Ngunit hindi katulad ng ibang manliligaw, nagdahan-dahan si Ulap. Tiniis niya ang magnakaw lamang ng mga sulyap mula sa malayo habang nagtatampisaw si Daragang Magayon sa ilog ng Yawa.

Pagkatapos ng isang maulang gabi, pumunta ulit si Magayon sa Ilog Yawa upang magtampisaw. Nadulas siya sa batuhan at nahulog sa malamig na ilog. Dagli-dagling sumaklolo si Ulap at binuhat ang nangangatog na dilag pabalik sa dalampasigan. Ito ang naging simula ng pag-iibigan ni Daragang Magayon at ni Ulap.

Ilang beses pang nagtagpo si Ulap at si Daragang Magayon. Hanggang sa isang araw, sinundan ni Ulap si Magayon sa pag-uwi. Pagdating sa bahay ni Datu Makusog, buong lakas nang loob na ibinaon ni Ulap ang kaniyang sibat sa hagdan. Ipinapahiwatig nito ang kaniyang kagustuhang pakasalan si Magayon. Walang nagawa si Magayon kundi mamula, magpigil ng tawa, at umiwas ng tingin. Dahil dito, napagtanto ni Datu Makusog na umiibig ang kaniyang nag-iisang anak, kaya't hindi na siya nagpahayag ng kahit anong pagtangga. Tuwang-tuwa si Magayon at si Ulap. Binalak nilang gawin ang kasalan pagkalipas ng isang buwan upang mabalitaan ni Ulap ang kaniyang mga kababayan, at upang makapaghanda nang husto para sa pagdiriwang.

Mabilis na kumalat ang magandang balita. Nakarating agad ito kay Pagtuga, na namula sa galit.

Nang mangaso si Datu Makusog, dinakip siya ni Pagtuga. Nagpadala si Pagtuga ng mensahe kay Magayon, nagbabantang papatayin ang kaniyang ama at maghahasik ng digmaan sa kaniyang bayan kung hindi siya pakakasalan.

Sinunod ni Magayon ang kahilingan ni Pagtuga, labag man sa kaniyang kalooban. Agad-agad na inihanda ang kasalan. Nang malaman ni Ulap ang masaklap na pangyayari, nagmadali siya pabalik ng Rawis kasama ang pinakamagiging niyang mandirigma.

Kasisimula pa lamang ng seremonya nang dumating sina Ulap. Sa halip na isang pagdiriwang para sa kasal, isang madugong labanan ang naganap. Napuno ang langit ng mga palaso. Napuno ang hangin ng tunog ng nagkikiskisang bolo. Nagtuos si Ulap at si Pagtuga, isang labanan para sa kamay ng nag-iisang si Magayon.

Nadaig at napaslang ni Ulap si Pagtuga. Masayang sinalubong ni Magayon si Ulap, akmang yayakapin—nang biglang isang ligaw na palaso ang tumama sa likod ng dalaga. At habang sapo-sapo ni Ulap ang nag-aagaw-hininga niyang iniibig, bigla siyang sinibat sa likod ng isang kawal ni Pagtuga. Agad na hinataw ni Datu Makusog ang kawal ng kaniyang minasbad, isang matalim na bolo.

Pagkatapos ng mabilis na pangyayaring iyon, tumahimik ang lahat ng mandirigma. Tumigil ang digmaan. Sa halip na marinig ang kasiyahan ng isang pagdiriwang ng kasalan, mga hikbi

at hagulgol para sa mga pumanaw ang lumutang sa hangin. Kahit na halos walang makita dahil sa walang-tigil na pagluha si Datu Makusog, naghukay siya nang naghukay. Nang matapos, nilibing niya ang kaniyang nag-iisang anak na si Magayon, at ang nag-iisa nitong pag-ibig na si Ulap, nang magkatabi at magkayakap.

Habang lumilipas ang mga araw, unti-unting tumaas ang lupang pinaglibingan kina Ulap at Magayon. Tumaas ito nang tumaas, at di nagtagal, sinamahan ito ng pagyanig ng lupa at pagtilapon ng nagbabagang mga bato. Naniniwala ang mga matatanda na kapag nangyayari ito, ginagalit ni Pagtuga ang bulkan upang maibalik sa kaniya ang mga kayamanang iniregalo niya kay Magayon—mga regalong inilibing kasama ng dalaga sang-ayon sa mga lumang paniniwala.

May mga araw kung kailan natatakpan ng mga ulap ang tuktok ng bulkan. Sinasabi ng mga matatanda na kapag nangyayari ito, hinahalikan ni Ulap si Magayon. At kung pagkatapos nito ay marahang dumampi ang ulan sa magiliw na libis ng bulkan, naniniwala ang mga matatandang lumuluha si Ulap.

Pagkatapos ng mahabang panahon ay umigsi na ang pangalan ni Magayon at naging Mayong o Mayon. Ngunit hanggang sa kasalukuyan, kahit na maaliwalas ang panahon, isang anino ng masalimuot na kuwento ng isang natatanging dalaga at ng kaniyang iniibig ang bumabalong sa magandang bayan ni Daragang Magayon.

d. Pagpapayaman (20 minuto)

Maaaring gamitin ang sumusunod na mga tanong at gawain upang magabayan ang inyong talakayan hinggil sa kuwentong 'Daragang Magayon.'

Ilarawan ang bawat tauhan sa kuwento. Maaaring gumawa ng listahan sa pisara na siyang pupunan ng mga estudyante.

- Paano sinuyo ni Pagtuga si Magayon? Paano sinuyo ni Ulap si Magayon? Bakit kaya si Ulap ang nakakuha ng puso ni Magayon?
- Makatwiran ba ang naging reaksiyon ni Pagtuga nang marinig niya ang pagpapakasal ni Magayon kay Ulap? Bakit o bakit hindi?

Talakayin ang huling katagang ito: "Hanggang sa kasalukuyan, kahit na maaliwalas ang panahon, isang anino ng masalimuot na kuwento ng isang natatanging dalaga at ng kaniyang iniibig ang bumabalong sa magandang bayan ni Daragang Magayon." Bakit kaya sinabi na ang anino ng masalimuot na kuwento ang bumabalong sa bayan, sa halip na simpleng bulkan lang?

Sa inyong palagay, bakit kaya kinailangang maging masaklap ang alamat na ito? Posible bang maging masaya ang alamat ng isang bulkan? Bakit o bakit hindi?

Magbahagi ng mga alam ninyong alamat hinggil sa mga sikat na anyong lupa o tubig. (Maaaring sikat sa kanilang komunidad, hal., isang matandang puno). Bakit kaya nagkaroon ng ganoong alamat?

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (20 minuto)

Mabilis na talakayin ang anyo ng isang timeline. Kung maaari ay magpakita ng isang halimbawa nito. Pagkatapos, hatiin ang klase sa grupo ng lima hanggang anim na miyembro. Bawat grupo ay aatasang gumawa ng timeline ng kuwento ni Daragang Magayon, gamit ang Manila/craft paper o

cartolina. Ilan sa mga panuto na maaaring sundin:

- 1.Sa halip na eksaktong panahon/oras/petsa, gamitin ang mga mahahalagang pangyayari bilang mga yugto sa timeline
- 2.Hangga't maaari, tukuyin kung ano ang nangyayari sa bawat tauhan sa bawat yugto ng timeline
- 3.Maaaring gawing higit na grapiko ang timeline kung nanaisin -- puwedeng kakaunti ang teksto at maraming ilustrasyon, basta't madaling maintindihan

b. Pagpapalawig (10 minuto)

Ipapaskil ng mga mag-aaral ang ginawa nilang timeline sa loob ng silid. Talakayin kung ano ang pagkakaiba ng kanilang ginawa sa isang pagsasalaysay. Narito ang ilang gabay na tanong na maaaring gamitin sa talakayan:

- Kung kunwari ay hindi ninyo nabasa ang alamat, at nakita lamang itong timeline, magiging malinaw kaya kung ano ang mga pangyayari sa buhay ni Daragang Magayon?
- Ano ang nasa binasa ninyong alamat na wala o hindi ninyo mailagay dito sa timeline na ito?
- Ano kaya ang maaaring lamanin ng mga kuwento na hindi maaaring lamanin ng isang timeline?

Mula dito, maaaring talakayin nang maigsi ang tungkol sa pagsasalaysay. Maaaring gamiting gabay ang mga sumusunod:

- Punto-de-bista: dahil may malinaw na boses ang isang pagsasalaysay, maaari itong magkaroon ng malinaw na punto-de-bista o pinanggagalingan ng boses. Limitado ang maaaring isalaysay ng isang tauhan sa kaniyang mga karanasan, di katulad ng isang tagapagsalaysay na nakakikita ng lahat.
- Damdamin: ulit, dahil may malinaw na boses ang isang pagsasalaysay, maaari itong makapagpahayag ng malinaw na damdamin, lalo na kung ang nagsasalaysay ay isang tauhan na kabilang sa kuwento.
- Kaayusan: katulad ng timeline, mayroong malinaw na pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa isang salaysay. Gayunpaman, hindi kinakailangang sunod-sunod ang pangyayaring ito. Hal., maaaring magsimula ang salaysay sa katapusan ng buhay ng isang tauhan, na unti-unting babalik sa simula ng kaniyang buhay.

c. Pagkakawing (30 minuto)

Atasan ang mga mag-aaral na sumulat ng talambuhay ni Daragang Magayon. Ipaliwanag na ang talambuhay ay isang simpleng pagsasalaysay ng nangyari sa buhay ng isang tao. Ngunit sa halip na isang karaniwang talambuhay ang isusulat nila, kailangan nilang gawin ito sa mata ng isang tauhan ng kuwento. Bawat kasapi ng grupo ay mamimili ng isang tauhan lamang (bawal umulit ng tauhan sa loob ng grupo):

- Magayon
- Ulap
- Pagtuga
- Datu Makusog
- Dawani
- Di-kilalang kawal ni Pagtuga/Makusog/Ulap

Tandaan, kailangang ang talambuhay ay nasa punto-de-bista ng tauhang pinili nila. Ibig sabihin ay may limitasyon ng nalalaman ang bawat tauhan (hal., hindi puwedeng alam ni Pagtuga ang pagsalo ni Ulap kay Magayon sa ilog, dahil wala siya doon). Maaaring magdagdag ng mga detalye na wala sa binasang alamat (hal., kung si Dawani ang pipiliin, maaaring tungkol sa kaniyang pagbubuntis kay Magayon ang ikukuwento). Basta't huwag kalimutang tungkol dapat sa buhay ni Magayon ang sentro ng salaysay, hindi tungkol sa buhay ng tauhan.

Gawin ito nang hindi bababa sa tatlong talata.

Ikatlong Araw

a. Sintesis (20 minuto)

Bigyan ng maigsing panahon ang ilang mga kinulang sa oras noong nakaraang araw upang tapusin ang kanilang mga talambuhay ni Daragang Magayon. Pagkatapos, himukin ang ilang mga mag-aaral na ibahagi ang mga isinulat nilang mga talambuhay.

b. Pangwakas na Pagtataya (40 minuto)

Susulat muli ang mga mag-aaral ng isang talambuhay, ngunit ngayon ang paksa ay ang sarili nila. Gayunpaman, mangyayari ito sa mata ng isang bagay--hindi puwedeng tao, kailangang bagay (hal., unan, bag, libro). Maaari silang gumamit ng anumang estilo para gawin ang talambuhay na ito. Ilang halimbawa:

- Isang lapis na ginagamit ng estudyante sa pagsusulat ng kaniyang diary. Ikinukuwento ng lapis kung ano ang nararamdaman niya sa mga isinusulat ng kaniyang amo.
- Isang cd/mp3 player na alam kung ano ang nangyayari sa estudyante batay lang sa mga pinapatugtog na musika sa kaniya.
- Isang salamin sa mata, na isinasalaysay ang mga nakikita pati na rin ang mga hindi napapansin ng estudyante.

Maaaring maging malikhain ang mga mag-aaral sa gagawing talambuhay. Hindi kinakailangang buong buhay ang isasalaysay nila; tandaan na punto-de-bista pa rin ito ng isang gamit. Samakatwid, ang maaari lamang malaman ng bagay na pinili nila ay ang mga pagkakataong ginagamit ang mga ito ng estudyante, o ang mga sinasabi ng estudyante habang nasa malapit na lugar ang bagay na iyon.

Gawin ito nang hindi bababa sa apat na talata.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

LINGGO 14

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pag-alala sa alamat ni Daragang Magayon (5 minuto) Pagkumpara sa alamat ng Bulkang Mayon sa alamat ng Bundok Makiling (20 minuto)	Pagbasa ng "Kay Mariang Makiling" (10 minuto)	Talakayan hinggil sa tula (25 minuto)			

LINGGO 14

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 2			Pagbabahagi sa grupo ng mga sariling karanasan ng pagkaulila (10 minuto)	Talakayan hinggil sa paghahambing (20 minuto)	Pagsulat ng tula tungkol sa karanasan ng pagkaulila na gumagamit ng paghahambing (30 minuto)	
Araw 3					Pagbabahagi ng ilang isinulat na tula (15 minuto)	Panahon ng paggawa ng proyekto (45 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

- Larawan ng Bundok Mayon at Bundok Makiling
- Kopya ng tulang Kay Mariang Makiling ni Edgar Calabia Samar

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya (5 minuto)

Bago magsimula ang talakayan hinggil sa bagong teksto, ipaskil muli ang larawan ng Bulkang Mayon sa pisara at tanungin sa klase kung naaalala pa ba nila ang alamat ng pinagmulan ng bulkang ito. Mabilis na ipabuod sa klase ang nangyari sa alamat ni Daragang Magayon.

- Introduksiyon (20 minuto)

Ipaskil ang larawan ng Bundok Makiling katabi ng larawan ng Bulkang Mayon. Upang gabayan ang panimulang talakayan, narito ang ilang maaaring itanong at sabihin:

- Ilarawan nga ninyo ang Bundok Makiling. Anong pagkakaiba nito sa Bulkang Mayon? Ano ang kahubog ng Bundok Makiling?
- May nakakaalam ba dito ng alamat ng Bundok Makiling?
- Kung wala pa: Sa tingin ninyo, ano kaya ang puwedeng maging alamat ng bundok na ito? Ano kaya ang pagkakapareho ng alamat na iyon sa alamat ni Daragang Magayon?
- Kung mayroon na: Ibahagi mo naman sa amin ang alamat na alam mo.

Maraming bersiyon ang alamat ng Bundok Makiling, ngunit iisa ang paksa: tungkol sa pag-iibigan ng isang taga-lupa at isang diwata. Ang pinakasikat ay ang bersiyon na ikinuwento ni Jose Rizal. Ayon sa kuwento, nagkagusto si Mariang Makiling sa isang binatang magsasaka. Binabantayan niya ang magsasaka na umiibig din sa kaniya. Dumating ang panahon ng digmaan at kailangang sumali ng magsasaka dahil wala siyang asawa. Upang hindi maisama sa digmaan, nagpakasal ang binata sa ibang babae. Ilang araw matapos ang kasal, dumalaw ang magsasaka kay

Mariang Makiling. Sinabi ni Mariang Makiling na kailangan ng magsasaka ng pagmamahal ng isang tao. Hindi naman nagustuhan ni Mariang Makiling na hindi nagtiwala ang magsasaka sa kaya niyang gawin para protektahan ang magsasaka sa digmaan. Simula noon, hindi na muling nakita ng magsasaka si Mariang Makiling.

Ihanda ang mga mag-aaral sa pakikinig sa tula ni Edgar Calabia Samar.

c. Presentasyon (10 minuto)

Siguruhing may kopya ang bawat mag-aaral ng tulang “Kay Mariang Makiling.” Hikayatin silang tumahimik, sundan ang pagbabasa, at namnamin ang bawat salita. Basahin ang tula sa klase. Pagkatapos, tanungin sila kung mayroon ba silang hindi naiintindihang salita o linya. Linawin ang anumang hindi nila naiintindihan--ngunit tandaan, huwag magbigay ng interpretasyon. Bahagi ng tula ang pagkakaroon ng mga pagkakataon sa maraming uri ng pagbabasa at pagbibigay-kahulugan. Linawin lamang ang mga linya kung literal na kahulugan ang nahahirapan silang intindihin. Kung higit pa sa literal ang hinihingi nilang pakahulugan, maaaring ibalik ang tanong sa klase: ano kaya ang ibig sabihin ng linyang iyon?

Pagkatapos mailinaw ang mga hindi naiintindihang salita o linya, basahin muli ang tula.

d. Pagpapayaman (25 minuto)

Alamin ang paunang reaksiyon ng inyong klase sa binasang tula. Pagkatapos, ihanda sila para sa isang talakayan hinggil sa teksto. Narito ang ilang tanong at gawain na maaaring gamitin upang magabayan ang inyong pagtalakay:

- Kaya ba ninyong ilarawan ang taong nagsasalita dito? Ano kaya ang suliraning dala-dala niya?
- Sa unang bahagi ng tula, makikitang naglaro ang makata pagdating sa mga salita--inuulit niya ang mga salita ngunit nag-iiba ang kahulugan nito.
- Tukuyin nga ninyo kung ano ang pagkakaiba ng “paalam” sa unang linya sa “paalam” sa ikalawang linya?
- Paano naman ang “maaari” sa ikatlong linya at ang “maaari” sa ikalimang linya? Ano kaya ang ibig ipahiwatig ng makata sa pagsasabing “Anong pook ang maaari niya?”
- Tandaan na sa tula, tiyak na may dahilan ang bawat salita at paggamit ng wika. Ano kaya ang dahilan ng paggamit ng makata ng mga magkakaparehong salita na may magkakai-bang kahulugan? Ano kayang implikasyon nito sa kalagayan ng tauhan ng tula?
- Pagkatapos ng mga paunang tanong at kuwento ng tauhan tungkol sa kaniyang nanay, napunta ang kaniyang salaysay sa pagkakampo nila ng Tatay niya sa Makiling. Ano kaya ang halaga ng pangyayaring ito sa suliranin ng tauhan noong panahon na iyon? Ano ang halaga ng alamat ni Mariang Makiling sa nangyari sa tauhan at sa kaniyang tatay?
- Batay sa alam nating alamat ni Mariang Makiling, ano kaya ang mahihinuha nating nang-yari sa pagitan ng tatay at nanay ng tauhan ng tula? Ano-ano kaya ang pagkakatulad ng alamat sa nangyari sa pamilya ng tauhan?
- Ano kaya sa tingin ninyo ang ibig sabihin ng mga huling linya: “Pag-uwi, tinanaw ko ang bundok / at totoo, mas maganda itong tingnan / sa malayo: hindi matitinag, buo.”
- Ang tulang ito ay nanggaling sa librong pinamagatang “Pag-aabang sa Kundiman: Isang Tulambuhay.” Tinalakay natin noong nakaraang linggo ang talambuhay. Ano kaya ang tulambuhay? Ano kaya ang implikasyon nito sa pagbabasa natin ng tula?

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (10 minuto)

Atasan ang mga mag-aaral na bumuo ng grupo ng lima hanggang anim na kasapi. Ipaalala sa

kanila ang tinalakay na tula noong nakaraang araw. Isa sa pangunahing paksa ng tula ay ang karanasan ng pagkaulila. Tiyak na lahat ng mag-aaral ay nakaranas na ng pagkaulila sa kung anumang anyo: may umalis na kaibigan, may kamag-anak na namatay, may magulang na nagpunta sa ibang bansa upang magtrabaho, atbp. Ibabahagi nila sa kanilang mga kagrupong ang kanilang karanasan sa pagkaulila. Maaari din nilang ibahagi kung paano nila hinarap ang karanasang ito.

b. Pagpapalawig (20 minuto)

Balikan ang naging aralin tungkol sa tayutay na paghahambing/pagtutulad. Mabilis na talakayin sa klase kung paano gumamit ng paghahambing ang Kay Mariang Makiling. Ilan sa mga maaaring ipunto sa talakayan:

- Ang pinakasimpleng anyo ng paghahambing ay “Ang A ay parang B.” Ngunit ginagamit din natin ang tayutay na ito na kaiba sa anyong iyon. Sa tula, nangyari iyon sa simpleng pagtatabi ng alamat ni Mariang Makiling at ng kuwento ng nanay ng tauhan. Nagkakaroon pa rin ng pagtulad sa pagitan ng dalawang bagay, kahit na walang sinabi sa tula na “Si Mariang Makiling ay parang si nanay.”
- Ginagawa rin natin ang paghahambing na ito sa totoong buhay. Kapag nakakapanood tayo ng pelikula o palabas sa telebisyon at sinasabi nating “parang buhay ko iyon.” O kaya kapag nakakarinig ka ng kanta at sinasabing “nakaka-relate ako.” Sa mga pagkakataong iyon, itinutulad mo ang mga pangyayari sa kanta sa sarili mong mga karanasan.

c. Sintesis (30 minuto)

Magsusulat ang mga bata ng isang tula na ibinabahagi ang kanilang karanasan sa pagkaulila habang gumagamit ng paghahambing. Hikayatin silang gamitin ang “Kay Mariang Makiling” bilang halimbawa. Maaari nilang ihambing ang kanilang karanasan sa isang kantang napakinggan, sa isang pelikulang madalas nilang panoorin kasama ang lumisang tao, atbp.

Upang higit na maging mabunga ang panahon ng pagsusulat, hikayatin silang magsulat sa ibang bahagi ng kuwento, kung saan sila komportable. Maaari rin nilang dekorasyonan o lagyan ng ilustrasyon ang kanilang isinusulat na tula, kung nais nila. Lumibot rin at tingnan ang isinusulat ng mga mag-aaral. Purihin ang maganda at bigyan ng payo ang mga kinakailangan ng gabay.

Ikatlong Araw

a. Sintesis (15 minuto)

Bigyan ng pagkakataon ang ilang mag-aaral upang ibahagi sa klase ang mga isinulat nilang tula noong nakaraang araw. Tiyaking pansinin ang mabubuting punto ng bawat akdang ibabahagi.

b. Pangwakas na Pagtataya (45 minuto)

Balikang muli ang talaan para sa proyekto. Piliin ang mga tauhan mula sa mga maiikling kuwento. Gabayan sila sa pagsusuri ng mga tauhan. Tanungin sila ukol sa konteksto ng mga tauhan at kuwentong natalakay. Paghambingin kamo ang pamumuhay, pananaw, pananalita at pakikisalamuha nila sa ibang tao. Ipasulat sa talaan ang mga sagot nila. Kung may nalalabi pang panahon, ibigay ito sa mga mag-aaral para sa pagplano ng proyekto.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

Buod ng Linggo 15 at 16

Linggo	15 at 16	Lunsarang Teksto 1	Ang Duwende (Kuwentong Bayan mula sa Bikol)
Tema	Nagkakaiba, Nagka-kaisa	Lunsarang Teksto 2	“Isang Di-Tanyag na Pagpaslang sa Studio 4” mula sa Trese, Tomo 2, Ikalimang Kaso, ni Budjette Tan
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN2A	PN2Ae, PN2Af	
Pagsasalita (PA)	PA2B	PA2Ba, PA2Bb	
Pagsulat (PU)	PU2A	PU2Af	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB2A	PB2Ab, PB2Ae	
Tatas	TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 15

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayan	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Ano-ano ang mga nabali-taan ninyong trahedyang aksidente? (10 minuto) Pakikinig at pagtalakay sa balita tungkol sa sunog (15 minuto)	Pagbasa ng Ang Duwende (10 minuto)	Talakayan hinggil sa kuwento (25 minuto)			
Araw 2			Talakayan hinggil sa bahagi ng balita (20 minuto)	Pagsusulat ng balitang may kababalaghan (40 minuto)		

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 3					Presentasyon at palihan ng ilang piling balita (10 minuto)	Pagbuo ng diyaryo ng kababalaghan (50 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

- Diyaryo na naglalaman ng balita tungkol sa sunog
- Teksto ng "Ang Duwende"
- Mga materyales sa paggawa ng diyaryo: papel (oslo/Manila/cartolina), mga pangguhit at pangkulay, stapler

II. Pamamaraan

Unang Araw

a. Panimulang Pagtaya (10 minuto)

Himukin ang klase na magbahagi ng mga nabalitaan nilang mga trahedyang aksidente.

Maaaring ang mga aksidenteng o trahedyang ito ay nabalita sa radyo, o di kaya ay nangyari lang sa kanilang lugar. Sa bawat pagbabahagi, maaaring tanungin ang mga estudyante ng mga sumusunod:

- Ayon sa inyong nabalitaan, ano ang naging sanhi ng aksidente o trahedyang iyon?
- Maaari kayang iba ang naging sanhi ng aksidente o trahedyang iyon? Ano kaya iyon?

b. Introduksiyon (15 minuto)

Magbahagi ng isang balita tungkol sa sunog. Maaaring gumamit ng balita na higit na angkop sa mga mag-aaral (mas bago o di kaya ay nangyari sa isang lugar na malapit sa paaralan), o di kaya ay gamitin na lamang ang balita sa ibaba:

Sunog!

Alvin Madan

Aabot sa tinatayang P3 milyong halaga ng ari-arian ang natupok sa naganap na sunog na umabo sa halos 50-kabahayan at pumatay ng isang katao sa Quezon City kamakalawa ng gabi.

Patay na nang matagpuan ng mga rumespondeng tauhan ng Quezon City-Bureau of Fire Protection si Romulo Francia, habang isinugod naman sa ospital ang sugatang si Danilo Lariosa, kapwa nasa hustong gulang.

Ayon kay Senior Fire Officer 2 Fortunato Alde, dakong alas-10:00 ng gabi nang unang sumiklab ang apoy sa bahay ng isang Richard Velasco na matatagpuan sa Barangay Apolonio Samson ng nasabing lungsod.

Dahil gawa sa light materials ang mga kabahayan ay mabilis na kumalat ang apoy na tumupok sa limampung bahay.

Kaugnay nito, pansamantala namang dinala sa barangay covered court ang mga naapektuhang residente na aabot sa 100 pamilya.

Sa inisyal na imbestigasyon, posible umanong nagsimula sa faulty electrical wiring ang sunog.

Gamitin ang mga sumusunod na tanong upang magabayan ang talakayan:

- Ano ang nangyari ayon sa balita?
- Saan naganap ang trahedyang ito?
- Kailan naganap ang sunog?
- Sino-sino ang naging biktima ng sunog?
- Bakit raw nagkaroon ng sunog?
- Kunwari ay hindi natin alam kung ano ang naging sanhi ng sunog, ano-ano kaya ang maging hinala ninyo sa pinagmulan ng trahedyang ito? Pangatwiran.

Pagkatapos, ihanda ang klase sa pagbabahagi ng isang kuwento tungkol sa sunog. Himukin silang tingnan kung ano ang pagkakaiba ng balitang ibinahagi at ang kuwentong babasahin ngayon.

c. Presentasyon (10 minuto)

Ikuwento sa klase ang 'Ang Duwende.'

Ang Duwende

Isang Kuwentong-Bayan mula sa Bikol

Malalim na ang gabi at abalang-abala pa sa pananahi ang dalawang magkapatid na babae. Tinatahi nila ang mga kamisa at saya nila, na isusuot nila para sa isang misa kinaumagahan. Ibinilin ng kanilang ina na siguruhing nakasara ang pinto at mga bintana ng kanilang bahay, kundi ay papasok ang duwende, na bumibisita sa kanila tuwing hatinggabi. Upang malaman ng kaniyang mga anak kung ano ang duwende, ikinuwento niya ito:

"Katulad lang ng mga ordinaryong tao ang mga duwende. Tuso silang mga nilalang, ngunit matulungin din. Ilan sa mga kapilyuhang ginagawa nila ay ang pagsira sa mga muwebles at mga larawan, pagbasag sa mga salamin, baso, plato, at tasa. Kung hindi sila makahanap ng mga bagay na sisirain o babasagin, kinukurot nila ang mga pisngi, braso, at katawan ng mga tulog na babae, upang maging mabigat ang pakiramdam nila pagkagising. Kung hindi kinaasaran ng mga duwende ang mga nakatira sa bahay na madalas nilang bisitahin, nagpapakita sila ng kabaitan sa mga ito. Sinasabing dinadalhan nila ang mga kaibigan nila ng mga masasarap na pagkain at ipinagtatanggol sila mula sa mga masasamang nilalang. Maraming tao tuloy ang sabik ngunit balisang makakilala ng duwende. Itinuturing nila ang mga nilalang na nagtataglay ng kakaibang karunungan dahil sinasabing alam na alam nila ang mga lihim at ikinikilos ng mga tao. Ngunit kung sakaling ang mga naging kaibigan ng duwende ay biglang nagsabi ng anumang masama o nagbalak ng masama sa kanila, kahit pa hindi sila marinig ng mga duwende, ay parurusahan sila at hindi na muling babalikan.

"Ang duwendeng binabanggit ko rito ay madalas sa bahay namin habang ang nanay ko, o ang lola ninyo, ay buhay pa. Parati niyang sinasabi sa aming isara ang pinto at mga bintana bago

kami matulog. Isang gabi, nang nagtatahi rin kami ng kapatid ko ng kamisa at saya, nakalimutan naming isara ang mga bintana at pinto. Ilang segundo bago maghatinggabi, naroon ang isang maliit na nilalang na nakatayo sa aming pinto. Maliit siya, kasinliit lamang ng isang dalawang taong gulang na bata; pula ang kaniyang mukha; mayroon siyang mahabang bigote at maputing kulot na buhok. Maigsi ang mga braso niyang balingkinitan, ngunit malaki ang mga kamay niya--malaki para sa kaniyang braso."

Nang marinig ng mga dalaga ang kuwento ng kanilang ina, natakot sila. Nang maghatinggabi, narinig nila ang mga tunog: takla, takla, takla. Gawa ito ng duwende. Takot na takot ang dalawa. Lumingon ang panganay, at nakita niya ang duwende na pumapasok sa pinto. At katulad ng inaasahan, tumakbo at tumalon siya papasok ng bahay, papunta sa mga dalaga. Dahil doon, nasipa niya ang isang gasera, na nagpaliyab sa mga kamisa at saya.

Mula noon, naging maingat na ang magkapatid at ang buong bayan ng Legaspi sa duwende. Isinasara na nila ang kanilang mga pinto at mga bintana bago sila matulog sa gabi.

d. Pagpapayaman (25 minuto)

Maaaring gamitin ang sumusunod na mga tanong at gawain upang magabayan ang inyong talakayan hinggil sa kuwentong 'Ang Duwende.'

- Ano raw ang itsura ng duwende? Maaaring ighit sa pisara ang mga sagot ng mga mag-aaral; o di kaya ay magpatulong sa mga mag-aaral sa pagguhit ng duwende sa pisara.
- Ayon sa kuwento, ano raw ang mga ugali at gawain ng duwende? Bakit sila kinakatakutan?
- Pagkumparahin ang dalawang salaysay tungkol sa sunog na narinig ninyo ngayong umaga. Anong pinagkaiba ng sunog na nasa balita at ng sunog na nangyari doon sa kuwentong-bayan?
- Posible kayang hindi duwende ang naging sanhi ng sunog sa kuwento? Ano-ano kaya ang posibleng naging sanhi?
- Kung hindi duwende ang totoong naging sanhi ng sunog sa kuwento, ano kaya ang dahilan kung bakit ito ang kumalat na kuwento sa Legaspi?
- Magbigay ng iba pang halimbawa ng mga kababalaghan, mga kakaibang nilalang, o mga pamahiin. Ano kaya ang dahilan kung bakit nagkaroon ng mga paniniwalang ito?

Bago magtapos ang klase, bigyan sila ng takdang aralin na magdala ng isang balita mula sa diyaryo, na naglalaman ng isang aksidente o trahedyo.

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (30 minuto)

Hatiin ang klase sa mga grupong kinabibilangan ng lima hanggang anim na miyembro para sa isang panggrupong talakayan. Kailangan nilang suriin ang mga balitang dinala nila at alamin kung paano ito isinulat, at ano ang mga katangian nito. Narito ang ilang tanong upang magabayan ang inyong mga mag-aaral:

- Paano nagsimula ang balita? Paano ito nagpatuloy? Paano ito natapos?
- Ano-anong mga tanong ang sinasagot ng balita?
- Ano-anong mga impormasyon ang isinama sa balita?
- Ano-anong mga impormasyon ang sa tingin mo ay hindi isinama sa balita?
- Paano ibinigay ng balita ang impormasyong ito sa iyo? Mayroon bang boses o opinyon ang balita?

Bigyan sila ng 20 minuto upang gawin ito. Pagkatapos, tatalakayin ng buong klase ang napag-usapan ng mga grupo sa loob ng 10 minuto.

b. Pagpapalawig (30 minuto)

Pasusulatin ang mga mag-aaral ng mga balita, na ginagamit ang mga elemento at katangiang finalakay nila habang nasa grupo. Lisip ang mga mag-aaral ng isang karaniwang pangyayari na maaaring maging paksa ng isang balita (hindi kailangang totoong pangyayari). Subalit sa halip na makatotohanan ang balitang isusulat nila, gagawin nilang kakaiba ang pangyayari sa pamamagitan ng pagpasok ng mga elemento ng kababalaghan, mga kakaibang nilalang, o mga pamahiin.

Ilang halimbawa ng mga headline:

“BUS, BUMANGGA SA POSTE; GINITGIT RAW NG TIKBALANG”

“KATAWAN NG MANANANGGAL, NAKITA SA SAMPALOC!”

“SIKAT NA PINTOR, NAKATULOG NANG BASA ANG BUHOK... NABULAG!”

Himukin ang mga mag-aaral na pilitin nilang gawing may lohika pa rin ang mga balita, na medyo malinaw kung ano ang totoong nangyari. (Hal., lasing ang drayber ng bus na nagsabing ginitgit siya ng tikbalang; may ID ng isang aktibista ang nakitang katawan ng manananggal; pagulo nang pagulo ang mga painting ng pintor habang tumatanda siya).

Ikatlong Araw

a. Sintesis (20 minuto)

Bumuo ng mga grupong may 8-10 miyembro. Ibabahagi ng bawat kasapi ang isinulat nilang balita sa kanilang grupo. Pagkatapos, magbibigay ang kanilang mga kagrupo ng kanilang mga komento tungkol sa balitang isinulat. Maaaring gamiting gabay ang sumusunod na mga tanong:

- Nasagot ba nito ang mga tanong na hinihingi sa isang balita? (Sino, ano, saan, kailan, bakit, paano)
- Maayos ba ang naging daloy nito? Kung hindi, paano kaya ito maaayos?
- Kakikitaan ba ito ng boses o opinyon?
- Malinaw ba kung ano ang totoong nangyari? Kung hindi, paano ito mapapalinaw?
- Paano pa maaaring mapaganda ang balita ng iyong kagrupo?

b. Pangwakas na Pagtataya (40 minuto)

Pagsasama-samahin ng mga magkakagrupo ang kanilang mga naisulat na balita upang makabuo ng isang diyaryo. Sila ang bahala sa magiging pangalan ng diyaryo, sa layout, at sa mga magiging larawan o ilustrasyon. Maaari rin silang gumawa ng mga patalastas kung gusto nila.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

LINGGO 16

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagbabahagi ng mga napapanahong showbiz balita (10 minuto)	Pagbasa ng “Isang Di-Tanyag na Pagpaslang sa Studio 4” (10 minuto)	Talakayan tungkol sa Trese (20 minuto)			

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
	Pakikinig at pagtatalakay ng isang showbiz balita (20 minuto)					
Araw 2			Pagpapalano ng Komiks convention (20 minuto)	Paresang paggawa ng isang komiks tungkol sa isang kakaibang nilalang (40 minuto)		
Araw 3					Pagpapalano ng Komiks convention (20 minuto)	Paresang paggawa ng isang komiks tungkol sa isang kakaibang nilalang (40 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Rekording ng isang napapanahong Showbiz tsismis
- Player at speakers
- Kopya ng teksto sa learning package

Ikalawang Araw

- Kopya ng "Isang Di-Tanyag na Pagpaslang sa Studio 4" mula sa Trese, Tomo 2, Ikalimang Kaso, ni Budjette Tan
- Panguhit (lapis, itim na marker, at itim na bolpen)
- Mga bond paper

Ikatlong Araw

- Maliliit na parangal para sa mga katangi-tanging komiks

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya (10 minuto)
Tanungin kung ano ang huling nabalitaang showbiz tsismis o balita ng mga mag-aaral. Magbabahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang narinig o nabalitaan.

b. Introduksiyon (20 minuto)

Dalawang ulit na pakikilingan ng klase ang isang maikling Showbiz balita. Mahalagang napapanahon at malapit sa pagiging totoo ang balita. Pag-uusapan ng klase ang balita, lalo na sa aspekto ng pagiging totoo nito. Narito ang ilang maaaring magsilbing gabay na tanong:

- Paano naiba ang showbiz balita sa balitang binasa natin noong nakaraang linggo?
- Pareho bang mga tanong ang nasagot ng showbiz balita?
- Pareho ba ang daloy ng showbiz balita?
- Ano ang pinagkaiba sa paglalahad at impormasyong ibinigay?
- Madalas na paksa ng showbiz balita ang personal na buhay ng mga artista. Bakit kaya na-bigyang halaga ang paksang ito ng ating lipunan?
- Ano kaya ang epekto ng showbiz balita sa mga nanonood nito? Ano kaya ang epekto nito sa taong paksa ng balita?

c. Presentasyon (10 minuto)

Tahimik na babasahin ng bawat mag-aaral ang “Isang Di-Tanyag na Pagpaslang sa Studio 4” na nasa learning package.

d. Pagpapayaman (20 minuto)

Pag-uusapan ng klase ang mahahalagang pangyayari sa teksto. Narito ang ilang maaaring gamiting gabay na tanong at gawain:

- Sino-sino ang mga tauhan ng akda? Ilarawan sila.
- Sa pisara, magpatulong sa mga mag-aaral na bumuo ng isang timeline o flowchart ng mga pangyayari sa akda.
- Ano ang pangunahing tensyon na nabuo sa pagitan ng mga tauhan? Paano ito nalutas o naresolba?
- Ano-ano ang mga kakaibang nilalang na naroon sa akda? Paano naiba ang mga nilalang na ito sa karaniwang pagkakakilala sa kanila?
- Hayaang magbahagi ang mga mag-aaral ng mga kakaibang nilalang na kilala nila. Mag-pakuwento tungkol sa mga ito at sa mga narinig nilang nangyari na may kinalaman sa mga kakaibang nilalang na iyon.

Bigyan ng takdang aralin ang mga mag-aaral na basahin ang artikulo tungkol sa ilang kakaibang nilalang na naroon sa kanilang learning package. Sabihin na gagamitin ito sa kanilang gawain sa susunod na araw.

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (20 minuto)

Sabihin sa mga mag-aaral na magdadaos sila ng sarili nilang komiks convention sa kanilang klase. Isa itong pagtatanghal ng kanilang sariling gawang mga komiks sa kani-kanilang mga ‘booth’, na mayroong munting programa para sa pagpaparangal sa ilang natatanging mga likha. Gamitin ang unang bahagi ng klase upang pagplanuhan ito. Narito ang ilang maaaring pag-uusapan:

- Ano-ano ang mga parangal na igagawad sa convention? (hal., pinakamagandang kuwento, pinakamagandang guhit, pinakanakakatakot)
- Paano ang magiging itsura ng klase sa convention na ito?
- Paano ang magiging sistema ng pagbabasa at pagtatanghal ng mga komiks?

b. Pagpapalawig (40 minuto)

Ipares ang mga mag-aaral. Bawat pares ay gagawa ng isang maikling komiks (mga tatlo hanggang limang bond paper na itinupi ang haba) tungkol sa isa sa mga kakaibang nilalang. Malaya ang paksa ngunit maaaring ikahon sa ugnayan ng tao at ng kakaibang nilalang. Himukin sila na

mag-isip ng mga paraan upang maging napapanahon ang kanilang mga kakaibang nilalang. Maaaring ipagpatuloy sa labas ng klase ang komiks kung hindi matatapos.

Ikatlong Araw

a. Sintesis (30 minuto)

Gaganapin ang komiks convention. Gabayan ang inyong klase sa paglulunsad ng pangyayaring ito. Siguruhin na lahat sila ay may pagkakataong mabasa ang lahat ng gawa ng isa't isa, gayundin ang makipag-usap sa kapwa nila kaklase tungkol sa kanilang mga akda. Siguruhin rin na lahat sila ay makaboboto para sa mga parangal.

b. Pangwakas na Pagtataya (10 minuto)

Bilangin ang boto ng mga mag-aaral at igawad ang mga parangal para sa mga nanalo. Pagkatapos, magkaroon ng maingsing talakayan hinggil sa mga nanalo. Partikular na bigyang pansin ang dahilan kung bakit nila ibinoto ang mga nanalong akda--anong mga katangian ang nagustuhan nila sa mga akdang ito. Bigyang pansin din ang iba pang mga akdang nagustuhan ng mga mag-aaral at kung bakit nila ito nagustuhan.

c. Proyekto (20 minuto)

Ibigay ang nalalabing oras sa pag-eensayo para sa dula

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

Buod ng Linggo 17 at 18

Linggo	17 at 18	Lunsarang Teksto 1	Alamat ng Waling-Waling ni Gaudencio V. Aquino
Tema	Nagkakaiba, Nagka-kaisa	Lunsarang Teksto 2	Mga Alamat ni Jose Rizal
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN2A	PN2Aa, PN2Ab, PN2Ac, PN2Ad, PN2Ae	
Pagsasalita (PA)	PA2A, PA2B	PA2Ab, PA2Ba, PA2Bb, PA2Bc	
Pagsulat (PU)	PU2A	PU2Aa, PU2Ag, PU2Ah	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB2A	PB2Aa, PB2Ab, PB2Ac, PB2Ae	
Tatas	TA1-4A, TA1-4B		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 17

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagkilala sa mga katangian ng Waling-waling (10 minuto) Talakayan tungkol sa paglalarawan (25 minuto)	Pagbasa ng Waling-Waling (10 minuto)	Talakayan (15 minuto)			
Araw 2			Kilalanin: Ano ang naiisip ko kapag nabanggit ang mga katagang babae? Lalaki? (20 minuto)	Pagbaliktarin! (25 minuto)	Talakayan (15 minuto)	
Araw 3					Talakayan (10 minuto) *Proyekto (20 minuto)	Pagsulat (30 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- a. Kopya ng "Alamat ng Waling-Waling" ni Gaudencio V. Aquino

II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Panimulang Pagtaya (10 minuto)

Tanungin ang klase kung kilala nila ang bulaklak na waling-waling. Saan ito matatagpuan? Sa Filipinas lamang ba ito matatagpuan?

Mga Dagdag na Kaalaman tungkol sa waling-waling:

1. Namumulaklak lamang ito sa simula ng Agosto hanggang Setyembre o ang mas kilala natin bilang panahon ng bagyo.
2. Tumutubo ito sa itaas ng mga punong may taas na hindi bababa sa 60-90 metro. Kadalasang tumutubo sila malapit sa tuktok ng mga punong dipterocarp. Gusto ng waling-waling ang

silong na ibinibigay ng mga dahon ng mga dipterocarp.

3. Dahil sa mga kakaibang katangiang ito, iminungkahi ng maraming tao na gawin itong pam-bansang bulaklak.

4. Ngayon ay nawawala na ang pagiging espesyal ng bulaklak dahil sa sobra-sobrang pagkolekta dito.

b. Introduksiyon (15 minuto)

Balikan ang ideya ng paglalarawan. Tanungin ang mga bata kung anong saysay ng pagla-larawan.

Sa panitikan, anong gamit ng paglalarawan? Ipagkumpara ang mga sumusunod na pangungu-sap.

1. Naalala kong may gagawin pa pala ako. Tila isang suntok sa sikmura nang ang aking naramdaman nang maalala kong may gagawin pa pala ako.

2. Mabilis na tumakbo ang bata. Daig pa ng bata ang rumaragasang trak sa EDSA sa pag-takbo.

Ang paglalarawan ay isang mahusay na paraan ng pagpapahayag ng ideya. Pinayayaman nito ang karanasan sa interaksyon ng mambabasa at manunulat. Isa itong paraan ng pagpapahayag ng iba't ibang katangian ng isang bagay nang may lalim.

Subukang tanungin ang mga estudyante tungkol sa katangian ng bulaklak. Isulat ang kanilang mga ideya sa pisara. Tanungin kung bakit may pagkiling sa pagiging babae ang itinatawid na ideya nito. Kung ganito ang simbolo sa mga babae, ano naman kaya ang mga simbolo para sa lalaki?

c. Presentasyon (10 minuto)

Ibabasa sa mga mag-aaral ang alamat nang malakas.

d. Pagpapayaman (15 minuto)

Talakayin ang relasyon ng alamat sa kasarian. Talakayin ang pagkakaiba ng dalawang kasarian. Talakayin kung sino ang laging mukhang mas makapangyarihan. Huwag ring kalimutang bang-gitin ang kapangyarihang hawak ng babae. Ilan sa mga halimbawang maaaring talakayin ay ang pag-aaruga. Magsimula sa mga simpleng gawaing kilala o naitatagni sa mga babae. Subukang tumawid sa pag-aaruga tungo sa pagbubuntis ng ina.

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (20 minuto)

Ano ang naiisip ko kapag nabanggit ang katagang babae/lalaki. Gumawa ng concept web sa pisara para sa salitang "babae" at para sa salitang "lalaki". Pagkatapos gawin ang concept web, suriin ang mga isinagot ng mga mag-aaral. Alin ang mga salitang naglalarawan, alin ang mga gawaing karaniwang ginagawa ng mga babae/lalaki.

b. Pagpapalawig (25 minuto)

Balikan ang mga naitala sa unang aktibidad. Sabihin sa mga batang pumili ng mga gawaing panlalaki at pambabae. Sabihin silang pagbaliktarin ang mga ito: gawing panlalake ang mga gawaing pambabae at gawing panlalaki naman ang mga gawaing pambabae. Ipatanghal sa mga piling mag-aaral ang mga gawaing panlalaki na ginawang pambabae, at ang mga gawaing pambabae na ginawang panlalaki.

c. Sintesis (15 minuto) Talakayin ang ginawang pagbabaliklad:

1. Espesipiko ba ang mga gawain na pambabae at panlalaki lamang?

2. Ano ang mga humahadlang sa ating pag-iisip na kayang gawin ng isang kasarian ang isang gawain?
3. Saan nagmumula ang ganitong mga ideya?
4. May mga trabaho bang imposibleng gawin ng bawat kasarian?
5. Imposible ba talagang gawin ang iba o natatakot lang tayo sa pagtingin sa atin ng ibang tao?
6. Pabayaang magtalakayan ang mga mag-aaral.

Ikatlong Araw

a. Sintesis (10 minuto)

Magkaroon ng talakayan kung saan maaaring linawin ang mga ideya ukol sa pagpapahalaga sa sarili, at sa sariling kasarian. Maaaring balikan ang mga naunang diskusyon sa kasarian noong unang markahan (Tungkung Langit at Alunsina). Bigyang-diin ang respeto sa bawat kasarian, at paglinang sa mga sariling kakayahan. Bigyang-diin din na ang saysay ng isang tao ay hindi nakabatay sa kaniyang kasarian.

b. Pangwakas na Pagtaya (30 minuto)

Pasulatin ang mga mag-aaral ng reaksiyon o solusyon sa mga sumusunod na sitwasyon. Hikayatin silang maging malinaw at maayos sa pagpapaliwanag.

1. Parehong sinubukang sumali nina Anna at Mark sa Math team ng kanilang paaralan. Nagpakitang gilas sa matematika ang dalawa, ngunit isa lamang ang maaaring piliin sa kanila. Kailangan ng apat na miyembro ng Math team at tatlo sa mga naunang miyembro ay mga lalaki. Bagama't pantay lamang ang kakayahan nina Anna at Mark, mas pinili pa ring tanggapin ng team si Mark. Ano kaya ang naging basehan ng team sa pagpili? Bigyang paliwanag ang sagot.
2. Nais ni Karla na maging fotograpo ng kanilang pahayagan. Bata pa lamang siya ay hilig na niyang kumuha ng mga larawan. Ngunit sa halip na maging fotograpo, itinalagang manunulat sa pampalakasan si Karla. Sa kasaysayan kasi ng kanilang pahayagan, si Karla ang kauna-unahang babaeng mag-aaral na sumubok na maging fotograpo. Ang ibang mga fotograpo, pati na rin ang gurong gumagabay sa pahayagan ay mga lalaki. Ano kaya ang puwedeng gawin ni Karla kung desidido siyang maging fotograpo?

c. Proyekto (20 minuto)

Balikan ang Trese. Ipakilala sa mga mag-aaral ang konsepto ng bida at kontrabida. Sino ang bida at kontrabida sa mga kuwentong nabasa na nila? Sa Trese? Ano ang mga katangian ng bida? Ano naman ang mga katangian ng kontrabida? May bida at kontrabida na bang lumilitaw sa dulang binubuo ninyo?

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

LINGGO 18

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagkilala sa mga katan- gian ng Waling- waling (10 minuto) Talakayan tungkol sa pagla- larawan (25 minuto)	Pagbasa ng Waling- Waling (10 minuto)	Talakayan (15 minuto)			
Araw 2			Kilalanin: Ano ang naiisip ko kapag na- banggit ang mga kata- gang ba- bae? Lalaki? (20 minuto)	Pagbalik- tarin! (25 minuto)	Talakayan (15 minuto)	
Araw 3					Talakayan (10 minuto) *Proyekto (20 minuto)	Pagsulat (30 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- a. Kopya ng "Mga Alamat" mula sa El Filibusterismo ni ni Jose Rizal

II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Panimulang Pagtaya (10 minuto)

Gulatin ang klase! May dalawang lapit sa panggugulat:

1. Pumasok sa klase nang may mukha ng pagkabahala at pag-aalala. Mas mainam ito kung maaabutang hindi pa handa ang silid para sa susunod na klase.
2. Gumamit ng kakaibang wika, at kausapin ang klase gamit ito. (Maaaring magsalita nang parang may sipon, parang nabubulol atbp.)

b. Introduksiyon (10 minuto)

Tanungin ang mga sumusunod sa klase:

1. Ano ang mga inaakala ninyong dahilan kung bakit mukha akong galit (o kakaiba akong magsalita)?
2. May pagkakataon bang napagtaasan kayo ng boses o napagsabihan nang hindi ninyo alam ang dahilan? Ano ang pakiramdam nito?
3. Nakagagaan ba ng pakiramdam ang isang paliwanag tungkol sa dahilan? Magtanong sa klase kung mayroong gustong magbahagi ng karanasan kung saan sila ay nalito noong una ngunit nalinawan pagkatapos ng isang maayos na usapan.

c. Presentasyon (20 minuto)

Ipabasa ang "Mga Alamat" sa klase.

d. Pagpapayaman (20 minuto)

Talakayin ang alamat:

1. Tungkol saan ang alamat?
2. Ano-ano ang mahahalagang pangyayari sa alamat?
3. Ano ang naramdaman o naisip niyo sa nabasang alamat?
4. Ayon sa napag-aralan niyo, ano ba ang isang alamat? Ano ang karaniwang paksa at mga katangian nito?
5. Nakikita ba ang mga katangiang ito sa nabasa nating alamat?

Magbigay ng takdang aralin. Pasaliksikin ang mga bata tungkol sa ilang katutubong gulay, prutas, hayop, o lugar na maaaring gawan ng alamat. Kung sakaling walang maisip na saliksikin ang mga mag-aaral maaaring papiliin ang mga mag-aaral sa mga sumusunod na posibleng paksa: sitaw, butanding, sili, rafflesia, o pilandok.

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (30 minuto)

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Ipalahad sa bawat isa ang mga nasaliksik nila. Pagawin sila ng isang balangkas ng isang alamat:

1. Simula
 - Tauhan
 - Tagpuan (Panahon at Lugar)
2. Suliranin
 - Gitna (Mga kilalang katangian ng paksang pagyayamanin sa pamamagitan ng paglalagay sa mas akmang sitwasyon)
3. Wakas (Puwersang magtutulak sa bagong anyo)

b. Pagpapalawig (30 minuto)

Ipakuwento o ipatanghal sa bawat pangkat ang balangkas ng kanilang mga alamat. Punahin ang mga sumusunod sa lahat ng presentasyon.

- Tagpuan (parehong lugar at panahon)
- Mga napiling katangian
- Puwersa ng pagbabago

Ikatlong Araw

a. Pangwakas na Pagtataya (30 minuto)

Gamit ang balangkas ng kanilang grupo, pasulatin ang mga mag-aaral ng mga alamat.

Indibidwal na proyekto ito.

b. Proyekto (30 minuto)

Balikang muli ang talaan para sa proyekto. Piliin ang mga tauhan mula sa mga maiikling kuwentong natalakay. Paghambingin kamo ang pamumuhay, pananaw, pananalita, at pakikisalamuha nila sa ibang tao. Ipasulat sa talaan ang mga sagot nila. Kung may nalalabi pang panahon, ibigay ito sa mga mag-aaral para sa pagplano ng proyekto.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

Buod ng Linggo 19 at 20

Linggo	19 at 20	Lunsarang Teksto 1	“Napagawi ako sa Mababang Paaralan” ni Lamberto E. Antonio
Tema	Nagkakaiba, Nagka-kaisa	Lunsarang Teksto 2	“Paglisan sa Tsina” ni Maningning Micalat
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN2A	PN2Aa, PN2Ab, PN2Ac	
Pagsasalita (PA)	PA2A, PA2B	PA2Aa, PA2Ac, PA2Ad, PA2Ba, PA2Bb	
Pagsulat (PU)	PU2A	PU2Ac	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB2B	PB2Ba	
Tatas	TA1-4A, TA1-4B		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 19

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Kaha de yero: Pagkuha ng tamang kahulugan (10 minuto) Hulaan ang magiging trabaho ng iyong kklase (20 minuto)	Pagbasa ng tula (5 minuto)	Talakayan at Paglilinaw (25 minuto)			

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 2			Talakayan: Pagkakaiba at pagkaka-pantay-pantay ng tao (30 minuto)	Paglarawan ng mga silid o lugar sa paaralan (30 minuto)		
Araw 3					Paglililinaw ng mga mahahalagang punto (10 minuto)	Pagsulat ng maikling tula (40 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Kopya ng tulang “Napagawi Ako sa Mababang Paaralan” ni Lamberto E. Antonio
- Cartolina
- Papel
- Kahon ng sapatos

Ikalawang Araw

- Bond paper o ginupit na Manila paper
- Lapis at pangkulay

Ikatlong Araw

- Papel

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtataya (15 minuto)

Talasalitaan. Isulat o ipaskil ang sumusunod na pangungusap sa pisara nang pahalang:

- Di na ito ang kuwartong may atip na kugong butas-butas.
- Kasama ang aking martilyo, lagari’t radela ay nagpaunlak ako.
- Ilan dito ay mga naging kaklaseng kabisote, mapangopya, tugain at matatakutin.
- Hindi ko napuspos ang elementarya nang mahinto ako at maulila sa mga magulang.
- Ang iba sa kanila ay mga patrong taga-ibang bayan.

Magtawag ng limang volunteer na gagawa ng kombinasyon para mabuksan ang kaha de yero (kahon ng sapatos). Bigyan ang bawat isang mag-aaral ng ginupit na cartolina na naglalaman ng kahulugan ng mga salitang may salungguhit.

- pantakip sa bubong tulad ng pawid o yero
- kasangkapang gawa sa kahoy na pampatag ng kongkretong semento bago patuyuin
- pagbugbog sa isang tao para umamin (pandiwa matuga, tugain)
- ganap o lubos
- taong tumutulong sa kapuwa o sa isang gawain

Tatapat ang bawat bata sa pangungusap na ginamit ang salitang hawak nila ang kahulugan. Maaaring hindi muna sabihin ang sagot at magtawag muli ng limang volunteer para makuha ang tamang kombinsayon upang mabuksan ang kaha. Talakayin ang talasalitaan kapag nakuha na ang tamang kombinsayon.

b. Pagganyak (15 minuto)

Tanungin ang klase tungkol sa kanilang mga ambisyon sa buhay. Ipalahad ang mga dahilan sa kanilang pagpili ng ambisyon. Ipalahad rin kung sino ang nagpakilala sa kanila ng trabahong pinapangarap nila.

c. Presentasyon (10 minuto)

Basahin ang tulang “Napagawi Ako sa Mababang Paaralan” ni Lamberto E. Antonio. Maaaring balikan ang talasalitaan upang lalong maintindihan ang tula.

Napagawi Ako sa Mababang Paaralan

Lamberto E. Antonio

Napagawi ako sa mababang paaralan
Na dating karnabal ng kambing, baboy at kalabaw,
At dating kubeta ng ilang kababaryo
Pag bakasyon grande o Sabado't Linggo.
Di na ito ang ilang tiwangwang na kuwartong may tapal
Na sawali't atip na kugong butas-butas, na ang klaseng
Nagdidiskas ng Pepe en Pilar at gudmaners
Ay tanaw na tanaw ng mga sabungerong naglalakad.
Ngayon, may arko nang bakal at alambre ang geyt;
May bakod na pader, magarang plaggpol, entablado't
Basketbolkort na kainauukitan ng nagdudumilat na
“Donated by Gov. Mokong delos Oros” at ng
“Alay nina Don at Doña Pilipito Palapatok.”
Sa sementadong saydwok, sa pasimano't haligi ng munting pasilyo
At ibabang panig ng kongkretong dingding, kundi nakapila
Ay nagsisiksikan ang mga pangalang karamiha'y
Patrong taga-ibang bayan: ilan dito'y mga nakaklaseng
Kabisote, mapangopya, tugain, nakalasprenid o naiihi
Sa salawal sa pagkuha ng test –
Kundi may DR. o ENGR., may ATTY.
Bawat pinto, may karatula ng ngalan ng guro –
Narito pa rin si Mrs. Monay na mahilig manghinuli,
Si Mr. Pangan na laging ngumangata ng babolgam.
Sa likod ng gusali, ang marikotitos na letering
Ng pagdiskarte sa babae'y nabasa ko sa haligi ng wari'y
Narseri; sa mga puno ng papayang bunga'y tambulukan;
Sa tambak na retasong mga tabling may bakas ng anay.
Komo nabakante ako sa pandadayuhan bilang karpintero,
Naawitan akong gumawi sa mababang paaralang
Nagpautang sa akin noon ng musmos na karanasan;
Kasama ang aking martilyo, lagari't radela'y nagpaunlak ako:
Wika nga'y ito lang ang kaya kong paraan ng paglingon
Sa pinanggalingan (na di ko napuspos nang mahinto ako't

Maulila sa mga magulang). Gumawi ako
Rito para atipan at palitadahan ang mga komportum,
Dahil nakabingit na naman ang pasukan –at para maiyukit ko,
Kahit papa’no, ang aking pangalan.

d. Pagpapayaman (20 minuto)

Talakayin ang tula:

1. Sino ang nagsasalita sa tula?
2. Bakit siya napagawi sa mababang paaralan?
3. Ano-ano ang mga naalala niya sa kaniyang pagbabalik?
4. Ano ang mga pagbabagong napansin niya sa kaniya paaralan?
5. Sino pa ang ibang nabanggit sa tula?
6. Paano naiiba ang nagsasalita sa mga taong nabanggit niya?
7. Ano ang mapapansin sa mga salitang Ingles na ginamit sa tula? Sadya ba ito?
8. Ano ang balak gawin ng karpintero sa huli?
9. Bakit niya kaya ito gagawin?

Mula dito maaaring talakayin ang persona, boses at importansya ng detalye sa paglalarawan.

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (30 minuto)

Gumuhit ng dalawang bulaklak. Ang mga talulot ng isang bulaklak ay lalagyan ng mga trabahong “blue-collar” at ang mga talulot naman ng isa pang bulaklak ay lalagyan ng mga trabahong “white-collar.” Talakayin ang pagkakaiba ng mga trabaho. Talakayin rin kung saan sila nagkakapare-pareho. Maaari ring pag-usapan ang pinahihiwatig ng kulay bughaw at puti. Maaaring banggitin ang sinabi ni Emilio Jacinto na “Maitim man o maputi ang kulay ng balat, lahat ng tao’y magkakapantay; mangyayaring ang isa’y higtan sa dunong, sa yaman, sa ganda, ngunit di mahihigtan sa pagkatao.” (Emilio Jacinto, “Mga Aral ng Katipunan Ng Mga Anak ng Bayan”)

b. Pagpapalawig (30 minuto)

Bumuo ng lima hanggang sampung pangkat. Ang bawat pangkat ay maglalarawan ng isang bahagi ng paaralan. Kailangang magtuon sa maliliit na detalye upang mas maging malinaw ang paglalarawan. Maaaring pumunta sa napili o nabunot na silid o bahagi. Mas mainam kung naka-bullet ang bawat detalye. Isang mag-aaral mula sa bawat grupo ang magbabasa ng kanilang nagawa. Habang binabasa ang bawat detalye, ginuguhit naman ito ng kaniyang mga kamag-aral.

Ikatlong Araw

a. Sintesis (20 minuto)

Balikan muli ang akda. Magbigay ng mga linya sa tula na nagpapakita o naglalarawan sa persona, sa sitwasyon, sa boses.

b. Pangwakas na Pagtataya (40 minuto)

Gumawa ng maikling tula na may boses na tulad ng sa “Napagawi Ako sa Mababang Paaralan.” Ang nagsasalita ay matandang bersiyon ng may-akda o mag-aaral na nagbalik sa kaniyang paaralan. Magbigay ng mga maaaring laman ng tula (Hal: mga dating laro, pinag-uusapan, pinag-aawayan)

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

LINGGO 20

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Paghahanap ng tamang salita (15 minuto) Pagbabahagi ng karanasan tungkol sa paglipat (15 minuto)	Pagbasa ng sanaysay (10 minuto)	Talakayan at Paglilinaw (20 minuto)			
Araw 2			Timeline tungkol sa buhay ni Maningning (30 minuto)	Paggawa ng timeline tungkol sa sariling buhay (30 minuto)		
Araw 3					Paglilinaw ng mga mahahalagang punto (20 minuto)	Pagsulat ng maikling sanaysay (40 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Kopya ng akdang "Paglisan sa Tsina" ni Maningning Miclat
- Kopya ng mga kahulugan ng ilang salitang ginamit sa akda

Ikalawang Araw

- Manila paper
- Lapis at pangkulay

Ikatlong Araw

- Papel

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtataya (20 minuto)

Talasalitaan. Bigyan ng kopya ng mga kahulugan ang mga mag-aaral. Hahanapin nila ang tamang salita mula sa mga talata sa akda. Ang mga bilang na nakapaloob sa panaklong ang magiging gabay kung saan nila hahanapin ang salita.

Hal:

a.(2) konseptong may pakinabang sa ekonomiya ang malawak na pagkonsumo sa produkto

SAGOT: konsumerismo

b.(3) sining ng pagsulat nang wasto at sa magagandang titik

SAGOT: kaligrapiya

c.(5) halamanan

SAGOT: lagwerta

b. Pagganyak (20 minuto)

Bumuo ng limang pangkat. Ang bawat kasapi ng pangkat ay magbabahagi ng karanasan tungkol sa “paglipat.” Maaaring tungkol sa kanilang paglipat ng kuwarto, ng tirahan o paglipat mula sa probinsya papunta sa siyudad o vice versa. Pag-usapan ang naging epekto nito sa kanila, ang kanilang naramdaman at ang kanilang ginawa upang maibsan ang mga problema ng paglipat.

Magtawag ng mga magbabahagi sa klase, ang kanilang ikukuwento ay ang karanasan ng ka-grupo at hindi ng sarili.

c. Presentasyon

Basahin ang “Paglisan sa Tsina” ni Maningning Miclat (20 minuto). Maaaring balikan ang talasali-taan upang lalong maintindihan ang sanaysay.

Paglisan sa Tsina

ni Maningning Miclat

(1)Isinulat ko ang una kong tula “Isn’t It?” noong high school. Labing-isang taong gulang ako noon. Nakakatuwa iyon, ang saya ko. Nakasulat sa malayang taludturan, nakilala ko na mayroon pala akong indayog. Nang mabasa ng mga kaibigan ko, sinabi nila na walang katuturang tula daw iyon at tinawag ko nga na tula ng kawalang katuturan.

(2)Katawa-tawa ang panahong kinalakhan ng henerasyon ko sa Tsina. Hindi naapektuhan ng Rebolusyong Pangkultura ang tadhana namin. Wala noong consumerismo na tutukso sa aming mga hangarin, ni hahamon na paninindigan namin sa Sosyalismo. Dapat kaming maging Spartan. Dapat makakuha kami ng mataas na grade para makapasok sa magandang eskuwela.

(3)Alam naming lahat na ang mga senior student sa eskuwela namin na nakatira sa dorm ay lumalabas sa kalsada kapag oras nang patayin ang mga ilaw para makapag-aral sa ilalim ng poste. Marami kang hahangaan doon. May isa akong kaklase na makapagrerecite nang paabante at paatras sa buong nobelang Water Margin. Marunong magkaligrapiya at mag-piano ang isa kong pinakamatalik na kaibigan sa klase, kaya kung maglalakad siya at maramdamang hindi tama ang lakad niya, babalik siya sa pinanggalingan sa paniniwalang “practice makes perfect”.

(4)Pagkatapos ng klase, magkasama kaming maglalakad papuntang bus stop; at ang tagal-tagal naming makarating sa bus. Paulit-ulit naming iwinawasiwas pataas ang aming kanang kamay dahil baka mahulog ang iniimagine naming relo. Noon nadevelop ang ilang kakatwang manerismong dala ko pa hanggang ngayon. Ang maganda nito, hindi ako ngayon nahihirapan sa ginagawang rebisyon ng mga sulat dahil sa munting ehersisyo ng pagpapabalik-balik-lakad na ginagawa ko noon sa Beijing.

(5)Marami akong isinusulat at binabasa habang nagkaklase – sa ilalim ng desk. Pag-uwi, sumasakay ako sa swing sa laguwerta namin. Ganoon ko pinananatili ang nararamdamang indayog para sa aking malayang taludturan. Noon ako nag-umpisang mangarap na maging makata at pintor balang araw.

(6)Nang matapos sa junior high school, na halos kasunod ng EDSA Revolution sa Filipinas, bumalik na kaming mag-anak sa eskuwela. Hanggang kunin ako ng ICM sisters ng St. Theresa's College. Nailathala naman ako sa student page ng World News, pahayagang broadsheet ng komunidad Tsino sa Filipinas. Pagkatapos, nagtrabaho ako bilang isa sa mga translator ng balita sa diyaryong iyon, nag-atubili, at huminto. Pero nalatha pa rin ako; nagkaroon ng promoter ng mga trabaho o sa literary page, sa katauhan ng isang makata-photographer-businessman, si G. James Na.

(7)Nag-umpisa akong dumalo sa workshop ng tula sa Filipino, na ginaganap sa Adarna House, taga-paglathala ng mga aklat pambata. Pagkatapos sa Rio Alma Poetry Clinic, natanggap akong kasapi ng LIRA, isang grupo ng mga kabataang makata sa Filipino. Ako ang pinakabata noon. Iniindex ko pa ang mga salita noon sa diksyunaryong Tagalog para makapagtugma, dahil wala naman akong makitang rhyming dictionary sa Filipino. Kadalasan ay nagsusukat ako ng pantig para mabawasan ang mga mali ko sa wika.

(8)Nang panahong iyon, nagsusulat pa ako sa Tsino habang nag-aaral ng Filipino. Samantala, binabasa ko sa pagitan ng mga linya ang mga liham na natatanggap ko mula Tsina.

(9)Katagalan, matagal na matagal, pagkatapos ng crackdown sa Tian An Men, ipinadala sa akin ng kaklase ko sa high school ang librong Taunang Singsing na Luntian na inilathala ng Palimbagan ng Beijing. Kalipunan iyon ng mga sanaysay na isinulat ng mga freshman ng Unibersidad ng Peking noong magtraining military sila sa Kampo Shijachuang bago pasimulan ang kanilang regular na klase sa kampus.

(10)Isinulat sa akin ng kaibigan kong may artikulo sa libro: "Ipinakikita ng librong ito, sa napakatanging punto de bista, ang buhay namin noong mismong taong iyon, at mararanansan mo dito ang pagsasama ng paglikhang pampanitikan at propagandang pampolitika, lalo na sa militarya."

(11)Naniniwala ako na nalampasan nang maluwalhati ng lahat ng kaibigan ko sa Tsina ang 1989. Freshman ako sa kolehiyo sa UP Baguio nang maganap ang crackdown. Huminto ako ng pagpapalathala sa World News matapos makitunggali sa isang huling sanaysay at ilang tula sa Tsino. Pagkatapos, ipinasiya kong hindi na ako taga-Tsina, hindi ko na wika ang Tsino.

(12)Doon natapos ang isang panahon.

d. Pagpapayaman (25 minuto)

Talakayin ang sanaysay. Maaaring ipasok sa usapan ang ideya o kahulugan ng OFW, migrasyon, imigrasyon, expat, Tsinoy, Fil-Am, at iba pa.

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (30 minuto)

Bumuo ng 5 grupo. Bawat grupo ay gagawa ng timeline base sa sanaysay na "Paglisan sa Tsina." Si Maningning Miclat ay ipinanganak nuong ika-15 ng Abril, 1972. Maaaring lagyan ng taon:

1972- Ipinanganak si Maningning

1983- Naisulat niya ang "Isn't It?"

1989- Naganap ang crackdown sa Tsina. Nagsimulang magkolehiyo si Maningning sa UP Baguio.

Maaari rin namang lagyan lamang ng numero o Roman Numerals.

I: Lumaki at nag-aral si Maningning sa Tsina.

II: Naghanda siyang mabuti para makakuha ng magandang grado at makapasok sa magandang eskuwela.

III: Nangarap siyang maging pintor at makata.

IV: Bumalik ang pamilya ni Maningning sa Maynila.

Bawat isang pangkat ay iisip ng sariling paraan para ipakita ang timeline. Maaaring gumawa ng Facebook Timeline sa Manila paper, maaaring isadula ang ilang pangyayari, o gumuhit ng puno at isulat ang unang nangyari sa ugat, ang mga sumunod ay isusulat sa katawan, sa sanga, sa dahon, at sa bunga.

b. Pagpapalawig (30 minuto)

Gumawa ng timeline tungkol sa sariling buhay.

Halimbawa:

2003 – Ako ay isinilang.

2006 – Ako ay nagsimulang mag-aral.

2008 – Lumipat kami ng tirahan.

2011 – Nagsimula akong mahilig sa pagguhit. Nakilala ko ang aking matalik na kaibigan.

Ikatlong Araw

a. Pagkakawing (20 minuto)

Muling balikan ang mga salita sa panimulang pagtataya. Balikan rin ang sunod-sunod na pangyayari sa sanaysay. Talakayin muli ang mahahalagang paksang nabanggit ni Maningning tungkol sa paglaki sa ibang bansa, pagbalik sa pinanggalingan, paglisan sa Tsina, at iba pa.

b. Pangwakas na Pagtataya (40 minuto)

Gumawa ng maikling sanaysay. Bigyang-diin na ang mga pangyayari isusulat ay dapat ayon sa pagkakasunod-sunod nito. Maaaring tungkol sa taong 2012 (magsimula sa Enero o mga unang buwan), tungkol sa pag-unlad ng isang talento (magsimula sa unang pagkakataong nadiskubre ang talento o hilig), mga nakamit (unang karangalan o gantimpalang nakamit), mga koleksiyon ng tula o bagay (unang tulang nabuo o unang bagay na nakolekta).

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)